

See discussions, stats, and author profiles for this publication at: <https://www.researchgate.net/publication/337949713>

# ANG KABABAIHAN NG KATIPUNAN, ANG KATIPUNAN SA KABABAIHAN: ISANG DISKURSO SA AMBAG NG MGA BABAE SA HIMAGSIKANG PILIPINO

Article · November 2017

CITATIONS

3

READS

65,265

1 author:



[Axle Christien Tugano](#)

University of the Philippines Los Baños

35 PUBLICATIONS 16 CITATIONS

SEE PROFILE


# SALIKSIK

Saysay ng Salaysay



Multidisciplinaryong E-Journal

Tomo 6, Bilang 2 | Nobyembre 2017



ISSN 2244-0232

ISSN 2244-0231

© 2017 Bagong Kasaysayan (BAKAS), Inc. at mga may-akda.

**RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN.** Nasa tagapaglathala at mga may-akda ang lahat ng karapatan sa *e-journal* na ito. Hindi maaaring kopyahin o sipiin ninuman sa anumang paraan ng paglimbag ang anumang bahagi ng *e-journal* na ito nang walang pahintulot sa mga may karapatang-sipi.

Ang **SALIKSIK E-Journal** ay naglalayong isulong ang akademikong talastasan sa agham panlipunan, humanidades, kasaysayan, pilosopiya, at siyensya sa wikang Filipino. Isa itong *refereed e-journal* na itinatag nina Zeus A. Salazar, Ph.D., Jaime F. Tiongson, at Lorenz D. Lasco. Lumalabas ito ng hindi bababa sa isang beses kada taon.

**LUPON NG MGA PATNUGOT: Patnugot ng Isyu:** Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D. (University of the Philippines) • **Tagapamahalang Patnugot:** Atoy M. Navarro (Thammasat University, Thailand) • **Kasapi ng Lupon:** Adonis L. Elumbre (University of the Philippines) • Roderick C. Javar, Ph.D. (University of the Philippines) • Mary Jane B. Rodriguez-Tatel (University of the Philippines) • Ma. Florina Y. Orillos-Juan, Ph.D. (De La Salle University, Philippines) • Lars Raymund C. Ubaldo, Ph.D. (De La Salle University, Philippines) • Vicente C. Villan, Ph.D. (University of the Philippines) • **Kasaping Ex-Officio (Tagapagtatag):** Zeus A. Salazar, Ph.D. (retirado, University of the Philippines) • Jaime F. Tiongson (Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, Philippines) • Lorenz D. Lasco (Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, Philippines) •

**LUPONG TAGAPAYO NG PATNUGUTAN:** Clemen C. Aquino, DPhil (University of the Philippines) • Enrico R. Azicate, M.A. (Manchester Medical School, United Kingdom) • Grace Barretto-Tesoro, Ph.D. (University of the Philippines) • Kenneth E. Bauzon, Ph.D. (St. Joseph's College, USA) • Oscar V. Campomanes, Ph.D. (Ateneo de Manila University, Philippines) • Prospero R. Covar, Ph.D. (retirado, University of the Philippines) • Felipe M. de Leon Jr. (National Commission for Culture and the Arts, Philippines) • Jose M. de Mesa, Ph.D. (De La Salle University, Philippines) • Milagros C. Guerrero, Ph.D. (retirado, University of the Philippines) • Reynaldo C. Iletto, Ph.D. (retirado, National University of Singapore) • S. Lily L. Mendoza, Ph.D. (Oakland University, USA) • Armand B. Mijares, Ph.D. (University of the Philippines) • Alberto T. Muyot, LL.M. (Department of Education, Philippines) • Nilo S. Ocampo, Ph.D. (University of the Philippines) • Jesus T. Peralta, Ph.D. (retirado, National Museum of the Philippines) • Jean-Paul G. Potet, Ph.D. (retirado, Lycée International Honoré-de-Balzac, France) • Bayani N. Santos Jr., Ph.D. (Manuel L. Quezon University, Philippines) • Timothy James R. Vitales, M.A. (National Museum of the Philippines) •

**Publikasyon ng Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan/Bagong Kasaysayan, Inc. (BAKAS)** • P.O. Box 366, University of the Philippines Campus, Diliman, Quezon City, Philippines • Unit 2, Number 35A, Escaler Street, Loyola Heights, Quezon City, Philippines • Telefax: +632 927-2396 • [www.bagongkasaysayan.org](http://www.bagongkasaysayan.org) • [atoynavarro@yahoo.com](mailto:atoynavarro@yahoo.com) •

## NILALAMAN

<b><i>Pambungad ng Patnugot</i></b> <b>Ang Araling Kababaihan at Kasarian</b> <b>sa Araling Pilipino at Wikang Filipino:</b> <b>Kalagayan at Hinaharap</b> <i>Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D.</i>	1
<b><i>Mga Artikulo</i></b> <b>Ang Kababaihan ng Katipunan,</b> <b>ang Katipunan sa Kababaihan:</b> <b>Isang Diskurso sa Ambag ng mga Babae</b> <b>sa Himagsikang Pilipino</b> <i>Axle Christien J. Tugano</i>	97
<b>Marina Dizon:</b> <b>Mutya ng Katipunan</b> <i>Atoy M. Navarro at Patricza Andrhea Torio Braganza</i>	155
<b>Inchi Jamila:</b> <b>Asawa, Sultana, Ina (1881-1913)</b> <i>Ayshia F. Kunting</i>	175
<b>Danas at Dahas:</b> <b>Mga Kuwento ng Pang-aabuso sa Ilang Firipina Tsuma</b> <b>ng Batis Aware, Inc. sa Japan</b> <i>Reynele Bren G. Zafra, Ph.D.</i>	197
<b><i>Naratibô:</i></b> <b>Pagkatha Bilang Pagtatala ng mga Lesbayanang Gunita</b> <i>Bernadette V. Neri</i>	234



<b>Mula sa Kinaroroonang Ideolohiya: Kontrobersya Tungkol sa “Unang” Pride March sa Pilipinas</b> <i>John Andrew G. Evangelista</i>	265
<b>Mga Rebyu</b> <b>And Then She Laughed: Counseling Women (2015)</b> ni Sylvia Claudio <i>Prescilla dela Peña Tulipat</i>	297
<b>Ang Nag-iisa at Natatanging si Onyok (2015)</b> nina Eugene Evasco at Jomike Tejido <i>Emmanuel Jayson V. Bolata</i>	305
<b>Ang Lakambini at Ako (2016)</b> nina Becky Bravo at Joza Nada <i>Emmanuel Jayson V. Bolata</i>	325
<b>Tala Ukol sa mga Kontribyutor at Pabalat</b>	345

Artikulo

## **ANG KABABAIHAN NG KATIPUNAN, ANG KATIPUNAN SA KABABAIHAN: ISANG DISKURSO SA AMBAG NG MGA BABAE SA HIMAGSIKANG PILIPINO\***

Axle Christien J. Tugano  
Center for San Juan Studies  
Polytechnic University of the Philippines - San Juan

### **Abstrak**

Matagal nang dinalumat ang konsepto ng *Inang Bayan* bilang kabuuang tunguhin ng kilusang panghimagikan ng *Kataastaasan, Kagalang-galangang Katipunan* (KKK) ng mga Anak ng Bayan. Lehitimong gawain ito dahil bukod sa kontekstong nakaugat ang *bayan sa ina/mater vis-à-vis patria*, mahihinuha ring malaki ang pagkilala ng Supremong si Andres Bonifacio sa kadakilaan ng kababaihan sa panahon ng himagsikan. Sa kabila nito, masasabing may suliranin sa historiograpiyang Pilipino dahil isinasantabi ng ilang positibista at sexistang manunulat ang kolektibong gunita sa kababaihan bilang kasama ng bayan. Kung kaya't patuloy itong iwinawasto sa pagdaan ng panahon. Masusumpungan ito kung gagawing halimbawa ang kababaihan sa rebolusyong Pilipino. Naisasantabi sila bilang mga paksa ng pag-aaral o kung minsan, itinuturing na palamuti lamang na kailangang idugtong sa pangalan ng kalalakihan.

Kaugnay ng suliraning ito kung kaya't itinatampok sa pag-aaral na ito ang muling pagsipat sa apat na mahahalagang bagay: (1) kasaysayan ng kababaihang Pilipina noong dantaon 19; (2) pakikisangkot ng kababaihan sa Katipunan at himagsikan; (3) pagtingin ng Katipunan sa kababaihan; at (4) impluwensya ng Katipunan sa pagkilos ng kababaihan sa pagpasok ng dantaon 20. Mangyari pa, titingnan din ang muling pakikilahok ng kababaihan sa mga digmaang bayan sa panahon ng post-Katipunan. Hindi ito bagong pag-aaral kundi isang paglalagom sa mga naunang pag-aaral. Kakikitaan ang papel na ito ng mas matinding hamon at pagpursigi sa pagsusulat ng mga paksa na may kinalaman sa *Araling Pangkababaihan* at *Araling Pangkasarian*. Tunguhin ng papel ang holistikong kasaysayan ng kababaihan sa pakikisangkot nila sa Katipunan bilang mga *kasama* ng bayan.

## PANIMULA

Hindi na bago ang pananaliksik na ito kung ang titingnan ay ang paksa, layunin, rasyunal, at maging ang metodolohiya sa pagsusulat. Gayumpaman, sa kabila ng hindi na mabilang na pagtatangkang maisulat ang kasaysayan ng kababaihan, tila baga hindi pa rin nauubusan ng mga bagong tema ng mga pag-aaral tungkol sa kababaihan ng Katipunan. Bagkus, maituturing ang papel na ito bilang muling pagsipat at paglalagom sa mga naunang pag-aaral hinggil sa gampanin ng kababaihan sa Katipunan. Sa kabila nito, may bahagyang kaibahan kung ang titingnan nama'y ang pangkalahatang daloy ng pananaliksik. Tahasan ding sinasakop ng papel na ito ang kasaysayan ng kababaihan ng Katipunan hanggang sa pakikisangkot nila sa digmaang Pilipino-Amerikano at sa mga sumunod na digmaang bayan na kung titingna'y pagpapatuloy lamang ng mga simulain ng Katipunan. Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay tatalakay sa kasaysayan ng kababaihan noong dantaon 19, kababaihan ng Katipunan, at kababaihan sa mga aral ng Katipunan. Magsisilbing *postscript* naman ng papel na ito ang gampanin ng kababaihan sa panahon na kung tawagi'y matapos ang Katipunan o post-Katipunan. Patuloy na ipinaglalaman ng kababaihan ang kanilang karapatan at layunin sa kabila ng hindi tuwid na sistemang sumisikil sa kanilang kalayaan sa pamamagitan ng pamamahayag ng saloobin, paggigiit ng tuwid na katwiran, at pagbangga sa mga mapang-abusong dayuhan.

Lehitimong gawain ang paglalagom ng pananaliksik na ito dahil sumangguni ang mananaliksik sa mga pinagkakatiwalaang naunang pag-aaral hinggil sa kababaihan ng Katipunan at ilang pagdalumat sa mga aspekto nito lalo na sa "Inang Bayan." Sa mga naunang pag-aaral, halimbawa ang mga publikasyon ni Mary Jane Rodriguez-Tatel na "Ang Kababaihan sa Himagsikang Pilipino" (1999) at "Dalumat ng Inang Bayan at ang Pananaw ni Andres Bonifacio sa Kababaihan" (2014) kung saan tinalakay at tinampok niya ang mga pangalan at papel ng kababaihang Katipunera na nagsipaglaban sa mga Español at ang mahalagang pagdalumat sa "Inang Bayan" bilang lunan ng mataas na pagtingin ng Supremong si Andres Bonifacio sa kababaihan. Kung ang titingnan naman ay ang indibidwal na pagtalakay sa mga kilalang Katipunera, nariyan ang pag-aaral ni Francis Gealogo (2013) na "Gregoria de Jesus: Talambuhay, Gunita, Kasaysayan, at Himagsikan" at nina Mary Dorothy Jose at Atoy Navarro (2014) na "Oriang: Lakambini ng Himagsikan." Kapwa tumatalakay ang naunang dalawang pag-aaral sa kadakilaan ni Gregoria de Jesus bilang isa sa unang babaeng kasapi ng Katipunan. Idagdag pa, kung babanghayin ang mga pahina ng *annals* at kasaysayan, may ilang pagtatangka rin sa pagsusulat ng indibidwal na *kasaysayang buhay* ng mga babaeng naging bahagi ng Katipunan. Ilan sa mga halimbawa nito ang pag-aaral na "Nonay: Limot na Bayani ng Himagsikan" nina Navarro at Adonis Elumbre (2014) tungkol kay Espiridiona Bonifacio at ang mahalagang gampanin niya sa Himagsikang Pilipino; "Kababaihan sa Rebolusyon" ni Ma. Luisa Camagay (1998) tungkol sa pagkakatatag ng *Junta Patriótica* at *Asociacion de la Cruz Roja* ng mga babaeng nagmula sa naghaharing uri; "Si Trinidad Tecson at ang Kanyang Ambag

sa Himagsikang Pilipino, 1896-1898” ni Janet Reguindin-Estella (2014) tungkol sa kabayanihan ni Trining Tecson na tinaguriang *babaing lalaki* sa San Miguel de Mayumo, Bulacan; at ang iba’t ibang artikulong naisulat sa *Women in the Philippine Revolution* na pinamatnugutan ni Rafaelita Hilario Soriano (1995b) katulad ng pag-aaral nina Bernardita Reyes Churchill (1995a; 1995b) kina Agueda Kahabagan, ang nag-iisang babaeng heneral na sumailalim sa puwersa ni Heneral Miguel Malvar, at Marcela Agoncillo, ang tumahi ng bandila ng Pilipinas; Quintin Doromal (1995a; 1995b) kina Nazaria Lagos, ang mayamang *haciendera* na ginawang ospital ang kanyang bahay, at Patrocinia Gamboa, ang tumahi rin ng bandilang pangrebolusyon sa Bisaya; Hilario Soriano (1995a) kay Teresa Magbanua, ang bayaning babae ng Iloilo; at Isagani Medina (1995a; 1995b) kina de Jesus, ang “Lakambini ng Katipunan” at Gregoria Montoya, isang matapang na Kabitenya na sumailalim sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo (NHI 1999b; Tan 2002, 85; Zaide at Zaide 2004, 120).

Kahit pa sabihing may ilang pag-aaral na sa mga nabanggit na kababaihan sa itaas, hindi pa rin maituturing na sapat ang pagtalakay tungkol sa kababaihan ng Katipunan. Matagal nang hindi naitatala ang kadakilaan ng kababaihan sa pahina ng kasaysayan kung kaya’t patuloy itong iwinawasto, tinatrabaho, at pinaunlad ng ilang historyador at mananalambuhay. Binigyang-diin ni Lilia Quindoza-Santiago (1996, 159) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang “Roots of Feminism Thought in the Philippines” ang pagsang-ayon niya sa mas naunang pag-aaral ni Camagay na nagsabing may kawalan ng pagtatala sa buhay ng kababaihan noong panahon ng rebolusyon dahil ang mga historyador ay pawang mga lalaki at sumusulat ng kasaysayan na batay sa kanilang perspektiba at lente. Masasabing biktima ng pagsasantabi ang kababaihan dahil tila nagiging palamuti lamang silang idinudugtong sa kalalaking madalas na nagiging tampok o bida sa mga salaysay ng himagsikan (Reguindin-Estella 2014, 259). Isang halimbawa nito si Gregoria de Jesus o “Oriang.” Naging tanyag si Oriang bilang “Lakambini ng Katipunan” at malaki ang kanyang ginampanan sa Katipunan ngunit kakaunti pa rin ang nakakaalam sa ganap niyang tungkulin sa samahan. Ngunit kung idudugtong ang kanyang pangalan bilang “asawa ng Supremo” na si Bonifacio doon pa lamang magkakaroon ng higit na pagkakakilanlan sa kanya. Gayundin, halimbawa sa mga kapatid na babae ni Jose Rizal na kasapi ng Katipunan katulad nina Josefa at Trinidad. Kailangan nila ang pangalang “Jose Rizal” at sabihan pang “mga kapatid ni Rizal” bago sila makilala sa kasaysayan at magkaroon ng sariling pagkakakilanlan. Sa madaling salita, ang mga Pilipino ay laging nakapako sa dalawang magkasunod na bantayog kung saan sa dalawang personalidad, isa roon ay mayroong walang pinagkakautangang-loob. Sinusugan ni Virgilio Almario (1993, xiv)<sup>1</sup> na mananatiling sikat o kilala ang isang tauhan kahit sabihin pang hindi idugtong ang kanyang pangalan sa iba.

Hindi katulad ng panahong *dati*, ang babae at lalaki ay laging magkasama, magkadikit, at sabay na kumikilos. Bago pa dumating ang mga Español sa kapuluan, naimortalisa na



ang kahalagahan ng babae sa sinaunang lipunan. Sang-ayon pa kay Rodriguez-Tatel (2014, 218), mauulinigan sa mga panitikang bayan ang pagpapahalaga ng mga katutubo sa kababaihan. Makikita sa mga alamat halimbawa ng Hiligaynon at Tagalog ang kuwento ng paglabas ng unang lalaki at babae bilang mga unang tao sa kupuluan. Sabay na lumabas sa buho ng kawayan sina *Malakas* at *Maganda* ng Tagalog samantalang gayundin ang nangyari sa kuwento ng Hiligaynon na kung saan tinuka ng ibong Manaul ang isang kawayan kung kaya't lumabas ang unang lalaking si *Si-Kalao* at unang babaeng si *Si-Kalay* (Punongbayan *et al.* 1998, 12; Rodriguez-Tatel 2014, 218). Mababanaag din ang magkasamang kapangyarihan ng babae at lalaki sa *Ulaging* (epiko) ng mga Talaandig ng Bukidnon. Maliban sa bayani nilang si Agyu, mahalaga sina Napagtayagsang Bulan, ang asawa ni Agyu at si Yambunganen/Matabagka, ang kapatid ni Agyu sa larangan ng pakikipagdigma (Rodriguez-Tatel 2014, 219). Mababanaag din ang ganitong pagpapahalaga sa kababaihan sa *Hinilawod* o *Sugidanon*, ang pinakamatanda at pinakamahabang epiko ng Panay. Ang mag-asawang sina Alunsina at Puubari ay nagkaroon ng tatlong anak—Labaw Donggon, Humadapnon, at Dimalapdap. Ipinapakita ng epiko kung paano ipinaglaban ng mga bayani ang kanilang pag-ibig sa mga sinisintang babae. Nakipaglaban si Labaw Donggon upang makuha ang kamay ng tatlong babaeng kanyang iniirong (para kina Uwa Ginbitinan, Abyang Doronoon, at Nagmalitong Yawa), gayundin ang ginawa ng dalawa pang bayaning sina Humadapnon (para kay Burigadang Pada Sinaklang Bulawan), at Dimalapdap (para kay Lubay-lubyok Hanginun si Mahuyok-huyokon) (Jocano 1964; Jocano 1984; Rodriguez-Tatel 2014, 219).<sup>2</sup>

Sa pagpasok naman ng mga Español sa kapuluan, pumaloob naman ang kababaihan sa ideya ng *tradisyunal*. Ibig sabihin, ikinintal sa kasaysayan ang papel ng kababaihan bilang ina (*housewife*), tagaluto, tagapag-alaga ng anak, at iba pa. Bihira lamang sa mga babae ang nakapag-aral sa mataas na antas ng karunungan dahil sa ikinintal ng mga prayleng Español sa kanilang mga isipang dapat mas higit nilang bigyan ng pansin ang relihiyon at katekismo. Tinanggap natin ang *Pasyon* bilang kapalit at itinuring na kolonyal na guman dahil lubhang tumatalakay ito sa pagpapakasakit ni Hesu Kristo at naging pangunahing imahen dito ang Banal na Pamilya bilang modelo ng solidaridad (Rivera-Mirano 1984, 101; Elumbre 2014b, 10; Rodriguez-Tatel 2014, 219). Sa huli, nagdulot ang ganitong sistema ng pagsasanga sa larawan ng pamilya bilang modelo ng pagkakaisa at sa malapit na ugnayan ng isang ina at kanyang mga anak (tingnan bilang halimbawa si Birheng Maria at ang kanyang anak na si Hesu Kristo) (Ileto 1979, 36). Gayundin naman, naging biktima rin ang kababaihan ng maling katuruan ng simbahan noong mga panahong iyon. Ikinintal sa kanilang mga isipan ang kahalagahan ng indulhensya sa kaligtasan ng tao sa purgatoryo. Mas higit na binigyang-tuon ang araw-araw na pagdarasal at pagmemorya ng Bibliyang nasusulat sa wikang Español kumpara sa pagpapahalaga sa edukasyon. Mangyari pa, sinadya naman ito talaga ng mga Español upang hindi magkaroon ng interes ang kababaihan na mag-aral at matuto. Isang magandang halimbawa nito ang makabayang nobela ni Rizal na *El Filibusterismo*. Makikita sa Kabanata 30 ang kuwento ni Juliana

Tales o Huli na inabuso ng doktrina kung saan halos araw-araw siyang pinagdarasal ng mga *Hermana* sa kumbento at kinalaunan, naging kabayaran sa paglaya ng kanyang sinisintang si Basilio kung kaya't nakipag-usap siya kay Padre Camorra na tinaguriang “*Kabayo*” dahil sadyang malikot ang kanyang pagnanasa sa mga babae. Ang nasabing pakikipag-usap ay naging daan sa kamatayan ni Huli pagkatapos nitong tumalon sa bintana ng kumbento (Ongoco 2010, 29). Sa madaling salita, matindi ang diskriminasyon sa mga babae sa panahon ng kolonyalismo. Ang ganitong sistema para sa kababaihan ay hindi naman nagtagal. Nagkaroon ng pagbabago hanggang sa mga huling siglo ng kapangyarihang Español sa kapuluan. Lalong yumabong ang pagnanasa ng kababaihang kumawala sa madilim na pamamalakad ng España.

Sa pagdaan ng panahon, binasag ng kababaihan ang ganitong ideolohiya nang sumapi sila sa iba't ibang samahan at lohiya halimbawa ng Katipunan. Samakatwid, makikitang higit pa sa tradisyunal na ginampanan nila ang pakikilahok ng kababaihan sa Himagsikang Pilipino sapagkat tumugon sila sa pangangailangan ng bayan nang walang hinihintay na kapalit, at mamatay sila para sa bayan na nakaugat sa mismong bayan.

## ANG KABABAIHAN SA PILIPINAS NOONG DANTAON 19

Sang-ayon kay Gobernador-Heneral Leonard Wood, “Sa Pilipinas, ang pinakamagaling na mga lalaki ay ang kababaihang Pilipina ngunit bakit parang hindi sila naitatala nang maayos sa mga pahina ng kasaysayan” (Sta. Romana-Cruz 1998, 168) (akin ang salin). Bibigyang-pagpapahalaga sa bahaging ito ng nasabing pahayag ang pagkilala sa kababaihan bilang kapantay o kundi man, kayang makipagsabayan sa kalalakihan. Taliwas sa ikinintal na “tradisyunal” na imahen ng mga babae bilang tipikal na ina at asawa, masusumpungan sa kasaysayan ang naging gampanin nila sa pagpasok ng dantaon 19. Naging laman din ng mga diskurso ng kasaysayan ang kababaihan sa aspekto ng ekonomiya, edukasyon, at pakikisangkot nito sa mga digmaang bayan. Mahalagang ugatin ito upang lalong maunawaan kung bakit nila pinasok ang pakikipagdigma bago at matapos ang 1896 bilang tugon sa pagmamalabis ng mga Español. Matatandaang maraming batas ang sumikil sa kababaihan noong panahon ng mga Español. Ilan sa mga halimbawa nito ang pagtanggap ng mga pribilehiyo at pag-alis sa mga karapatang sibil katulad ng diborsyo, karapatan sa ari-arian, karapatang humawak ng mga kontrata sa negosyo na hiwalay sa kanyang asawa, pagpapanatili ng apelyido o *maiden name*, at kawalan ng pakikibahagi sa relihiyon (Aguilar 1998, 3). Sa bahaging ito, lalagumin at muling sisilipin ang kalagayan ng kababaihan sa mga nasabing aspekto noong dantaon 19 sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kanilang gampanin sa ekonomiya at edukasyon.

### *Ang Kababaihan sa Ekonomiya*

Higit pa sa pagtatrabaho sa loob ng tahanan ang kanilang ginampanan. Nagkaroon sila ng papel sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa at ekonomiya ng Pilipinas. Ayon sa masusing pag-aaral ni Camagay (1995) sa kanyang *Working Women of Manila in the 19<sup>th</sup> Century*, may iba't ibang naging trabaho ang kababaihan. Kabilang sa mga nasabing trabaho ang pagiging *criada* (*domestic servant*); *cigarrera* (*cigar-maker*); *matrona titular* (*midwife*); *maestra* (*teacher*); *tendera* at *vendadora* (*store vendor*); *costurera* at *bordadora* (*seamstresser/embroider*); at *mujer publica* (*prostitute*)<sup>3</sup> na patunay na nabantad sa paggawa ang kababaihang Pilipina (Camagay 1995, 1; Owen 2000, 30; Kimuell-Gabriel 2014, 46-47; Tugano 2015, 36). Sa mga nabanggit na trabaho, mas nabigyan ng atensyon ang mga *cigarreras* (tingnan ang Larawan 1) dahil bumubuo sila sa halos 90% (18,000) ng mga manggagawang babae sa Pilipinas (Owen 2000, 31). Lehitimo ito sapagkat lumaganap sa kolonya ang malawakang pagtatanim ng tabako nang simulang pairalin ni Gobernador-Heneral Jose de Basco y Vargas ang *Plan General Economico* na naglalayong monopolisahin ang tabako (Agoncillo 1990, 87). Tatlong bagay ang minopolisa sa tabako: *coleccion*, *fabrica*, at *administracion*. Noong mga panahong iyon, may limang *almacenes* o pabrika ng tabako ang naitatag sa Pilipinas [apat sa Maynila (dalawa sa Arroceros, isa sa Meisic, at isa sa Malabon) at isa sa Cavite] na binubuo ng tatlong opisyal bawat pabrika—*oficial de libros* (nagtatago ng susi at mahahalagang dokumento); *oficial de peso* (nagsusuri ng kalidad ng tabako); at *fiel administrador* (nakatalaga sa pagproseso at pagbebenta ng tabako) na naging abusado sa mga *cigarrera* (Camagay 1995, 3; Arcilla 1998, 230-231; Jose 2015, 33). Mas pinipili ng mga Español ang mga babae upang maging *cigarrera* dahil naniniwala ang mga ito na mas maingat sila sa pagtatrabaho lalo na sa pagrorolyo ng mga tabako kumpara sa mga lalaking hindi pulidong magtrabaho at may ilan pang kaso ng pamumuslit ng tabako (Jose 2015, 33-34). Hindi nagtagal, nag-alsa ang kababaihang *cigarrera* noong 1816 at ito ang maituturing na kauna-unahang welgang isinagawa ng mga Pilipino. Tipikal ang dahilan ng mga pagwewelga katulad ng mababang pasahod, pangigikil ng amo lalo na ng mga *maestra*, hindi kaaya-ayang kondisyon ng pabrika, hindi makatarungang bilang ng oras ng paggawa, at pang-aabuso ng mga opisyal na *contador*, *resguardo* (pulis), at *tazmeador* (Arcilla 1998, 231-232; Jose 2015, 34). Isa sa mga tampok na pabrika ng tabako noon ang *Alhambra Cigar* na matatagpuan sa Tondo, isa sa mga *arrabal* ng Maynila (Camagay 1995, 21; Kimuell-Gabriel 2014, 48).<sup>4</sup> Ayon sa mga Español, ang tabakong nagmumula sa Pilipinas ang siyang maituturing na pinakamasarap na tabako sa buong mundo. *Primera clase* kung ituring ito sa kabila ng pagbabawal sa pagtatanim ng tabako halimbawa sa Inglatera sa pamumuno ng haring Stuart na si James I kung kaya't itinaas niya ang buwis ng inaangkat na tabako at tinakwil niya ang paggamit nito sa kanyang klasikong *Counter-blaste to Tobacco* (Zaide at Zaide 2002, 164-165). Dahil sa pagkatuklas sa *New World*, naging popular sa buong Europa ang paninigarilyo at pag-inom ng kape at naging daan pa ito sa pang-aabuso sa mga katutubo sa sapolitang pagtatrabaho sa iba't ibang kolonya ng Kanluranin.

## LARAWAN 1 *Ang mga Cigarreras*



Larawan ng mga Pilipinang *cigarrera* habang inihahanda ang mga tuyong dahon ng tabako na gagawing sigarilyo. Larawang mula sa akda ni Jose Arcilla (1998, 230-231).

### ***Ang Kababaihan sa Edukasyon***

Sa kabila ng kalat-kalat na welga at pag-aalsa sa panahong ito sa kanayunan, may ilang kababaihan naman ang nakikipaglaban sa ngalan ng edukasyon. Ikinintal sa isip ng mga Español na walang pormal na edukasyon ang mga Pilipino bago sila dumating at utang na loob sa mga prayle ang pagiging sibilisado at edukado ng mga Pilipino.<sup>5</sup> Sinasabing ang mga Pransiskano na dumating noong 1577 ang unang nagturo sa mga katutubo kung paano bumasa, sumulat, at manampalataya (Arcilla 1998, 267). Kung papansinin, tila baga mas nabibigyan ng pansin sa ganitong sistema ang pagmememorya sa mga *doctrina* at *tocsohan*. Isa pa, nakararanas din ng pang-aabuso ang mga Pilipino kung saan ang edukasyon ay napapatawan din ng malalaking buwis (Gutierrez 1898, 247). Nawalan ng pakikisangkot ang kababaihan sa edukasyon dahil ikinintal sa kanila na dapat nilang pagtuunan ng pansin ang gawaing bahay at pagsisilbi sa simbahan. Dumating sa kolonya ang *Decreto Royal 1863* kung saan si Rafael Echague y Bermingham ang halal na



Gobernador-Heneral ng Pilipinas (Totanes 1998, 254). Sa bisa nito, naitatag ang mga sekondaryang paaralan sa ilalim ng pamunuan ng mga pribadong may-ari at nasa superbisyon ng mga orden at naging sekularisado at liberal ang sistema ng pagtuturo (Torres 2007, 7; Delos Reyes 2012, 54). Nahahati sa apat na uri ang sekondaryang paaralan at dalawang eksklusibong kurikulum para sa kalalakihan sa Maynila (*Latinidad at Filosofia*).<sup>6</sup> Kahit na nagbukas ang mga kolehiyo at ilang *beaterio*, tanging mga anak na *mestiza* o anak na babae ng mga Español lamang ang nabibigyan ng pagkakataon upang makapasok dito (Jose 2015, 34). Sabihin pa, hindi rin gaanong natuturuan ang mga babae kasabay ng pagkakait sa kanilang matutunan ang wikang Español. Kung sa bagay, mas higit na pinaigting ng mga *escuela de niña*, *escuela pia*, *colegio*, *beaterio*, at *escuela normal* ang pagtuturo ng kabutihang asal at pagpapahalaga sa puri at etika sa kababaihan dahil sila diumano ang magiging ina at maybahay ng mga lalaki sa hinaharap. Sa katunayan, noong dantaon 19, naging sikat ang *Urbana at Felisa (Ang Pagsusulatan nang Dalawang Binibini na si Urbana at ni Felisa)* ni Presbitero Modesto de Castro bilang halimbawa ng akdang pang-etika na naglalaman ng mga “Hispanisadong” kaugalian, tradisyon, at kultura na dapat taglayin ng isang babae (Delos Reyes 2012, 51). Noong dantaon 19 hanggang sa pagpasok ng dantaon 20, itinuring ito bilang “bibliya” o kapantay ng bibliya kung saan hinihikayat ang mga magulang na magkaroon ng sipi sa kanilang mga tahanan upang maging batayan sa pagtuturo ng mga mabubuting asal sa kanilang mga anak lalo na sa kababaihan bilang isang modelo. Ang akdang ito ni Modesto de Castro ay batbat ng at nakasentro sa, mga katuruang pangrelihiyon at gawaing pampamilya na hulmahan ng kababaihan sa dantaon 19. Makikita bilang magandang halimbawa ang mga ganitong bahagi:

1. Pagkagising sa umaga’y sasandatahin ang krus, maninikluhod ka’t magpupuri sa Diyos, nagpapasalamat at iniadya ka sa madlang panganib at pinagkalooban ng buhay... Diyos ang unang bigkas ng labi mo... Diyos ang unang nasa isip mo (De Castro, “Pakikipag-kapwa tao”, Chapter 1, p. 9) (Delos Reyes 2012, 56).
2. Bigyan ng ina ng gagawin, turuang mamahala sa bahay... Ito’y katungkulan ng magulang na ituro sa anak... sapagkat sa isang babae, nanggagaling ang masama o magandang kapalaran ng pamamahay (De Castro, “Aral sa mga Ina na may mga Anak na Dalaga”, Chapter 26, p. 133) (Delos Reyes 2012, 59).

Pinatutunayan ng mga aral ng *Urbana at Felisa* na nakasentro ang tungkulin ng kababaihan at nananatili pa ring nakapako ang kanilang gampanin sa “tradisyunal” na paglalarawan. Ang ganitong pangaral at katuruan ay matagal na lumason sa kaisipan ng bawat babae sa lipunang Pilipino. Kung kaya’t kahit sabihin pang umiiral na ang bagong dekretong pang-edukasyon, nananatili pa ring bulag ang sistema ng edukasyon para sa



karapatan ng mga babae. Sa ganitong pagkakataon, umigting ang pagnanais nila na kumalaban sa sistema. Isa sa magandang halimbawa ang mga dalaga ng Malolos.

Tinalakay sa librong *The Women of Malolos* ni Nicanor Tiongson (2004) ang matagumpay na pakikibaka ng dalawampung kadalagahan (tingnan ang Larawan 2) sa bayan ng Malolos, Bulacan upang lagdaan ang kanilang kahilingang magkaroon ng panggaging paaralan para sa pag-aaral ng wikang Español. Ganito ang nilalaman ng liham na kanilang ibinigay kay Gobernador-Heneral Valeriano Weyler noong Disyembre 12, 1888:

Kami po ay lubos na nagpupugay sa mahal naming Gobernador-Heneral ng Pilipinas! May ipakikiusap po kami na mangyaring dinggin ang aming sulat. Sa ibaba nito'y matatagpuan ang lagda namin at iba pang kababaihan. Ang nais po namin ay matuto ng wikang Español, na kaban ng yaman, na siya rin naman pong nais ninyong lumaganap sa kapuluan. Ngunit, sa kolehiyo (Maynila) ay hindi po nakapag-aral dahil sa sobrang kagipitan at ang ilan naman po sa ami'y hindi makapasok sa pag-aaral dahil sa gawaing bahay. Kaya hinihiling po namin sa inyo Kamahalan, kami'y pahintulutan sa gabi mag-aral sa bahay ng isang matandang kamag-anak at ang mga nanay po nami'y silang aantabay. Pakiusap din po namin kami'y maturuan ng Propesor ng Latinidad na ang galing niya'y aming napatunayan, kay bilis po talagang matuto ng kanyang mga mag-aaral. Umaasa po kaming kahilinga'y matutupad. Ipagdarasal po namin ang inyong buhay na palawigin pa ng Diyos na Maykapal! (Tiongson 2004, 172) (akin ang malayang salin).

Personal nila itong iniabot sa kamay ng Gobernador-Heneral sa kadahilanang baka harangin ni Padre Felipe Garcia ang liham. Ang nasabing pari ang siyang nagpapakalat sa mga babae na nakakasira sa integridad ng España ang edukasyon. Hindi edukasyon ang dapat nilang pagtuunan ng pansin kundi ang paghawak ng *araro*. Sinagot ni Weyler ang liham bago ito lumipat sa Paombong, Barasoain, Quingua, Baliwag, at San Rafael (Tiongson 2004, 173). Dahil sa tulong nina Doroteo Cortes at Maestra Guadalupe Reyes, tuluyan nang naipatayo ang paaralan ngunit hindi na panggabi. Kasama pa rito, hindi rin si Teodoro Sandico ang kanilang naging guro na katulad ng kanilang hinihiling dahil kalaunan inaresto siya (Tiongson 1998, 74). Naging kaibigan ng mga babaeng ito si Reyes na kaisa rin sa pagpapalaganap ng rebolusyon. Malinaw na bukod sa pag-aaral ng wikang Español, nagbabasa rin sila ng mga subersibong babasahin katulad ng *La Solidaridad* na naging dahilan ng pagsasara ng paaralan. Hindi dito natapos ang krusada ng kababaihan bagkus makikilala pa sila sa paglulunsad ng mga samahang mapagkalinga sa pagpasok ng mga imperyalistang Amerikano. Sa katunayan, nabalitaan ito ni Rizal kung kaya't sa pakiusap ni Marcelo del Pilar, sumulat si Rizal ng isang liham noong Pebrero 22, 1889 na dumadakila sa kabayanihan ng mga dalaga ng Malolos. Nilalaman ng nasabing liham ang

mensahe ni Rizal para sa kababaihan na maging mabuting ehemplo sa mga anak, asawa, at maging sa bayan. Ikinintal din sa kanilang isipan ang magkapantay na tungkulin ng mga babae at lalaki sa pagtatanggol ng bayan laban sa mga dayuhang Español. Kalakip nito na walang pinipiling *genero* (*gender*) o kasarian upang ikaw ay makipaglaban sa mga Español sa ngalan ng katotohanan at katuwiran. Kung kaya't dahil sa pagnanais ng ilang kababaihang baguhin ang sistema halimbawa sa ekonomiya at edukasyon, sumapi ang ilan sa kanila sa Katipunan, samahang naglalayon ng paglaya sa anumang paraan.

**LARAWAN 2**  
***Ang Mga Dalaga ng Malolos, Bulacan***



Larawan ng Kadalagahan ng Malolos. *Mula Kaliwa*: Aurea Tanchanco (1872-1958), Eugenia Tanchanco (1871-1969), Leoncia Reyes (1864-1948), Olympia Reyes (1876-1910), mga pari (hindi batid kung alin sa kanila si Padre Felipe Garcia), Elisea Reyes (1873-1969), Rufina Reyes (1869-1909), Anastacia Tiongson (1874-1940), Juana Reyes (1874-1900), Gobernador-Heneral Valeriano Weyler (nakaupo), Basilia Tiongson (ca. 1860-ca. 1900), Paz Tiongson (ca. 1862-1889), Aleja Tiongson (ca. 1865-ca. 1900), Agapita Tiongson (1870-1937), Mercedes Tiongson (1869-1928), Alberta Uitangcoy (1865-1953), Basilia Tantoco (1865-1925), Teresa Tantoco (1867-1942), Maria Tantoco (1869-1912), Feliciano Tiongson (1869-1938), Filomena Tiongson (ca. 1865-1930), at Cecilia Tiongson (ca. 1867-1934). Larawang mula sa akda ni Nicanor Tiongson (2004, 130-131). Mula rin sa aklat ni Tiongson (2004, 142-143) nakuha ang mga petsa ng kapanganakan at kamatayan ng mga nasa larawan.

## ANG KABABAIHAN NG KATIPUNAN NG MGA ANAK NG BAYAN

Mahalagang dalumat in ang *Katipunan* sa dalawang bagay: (1) bilang isang salita at (2) bilang isang samahan. Walang salitang *katipunan* bago sumapit ang 1896. Malinaw na isang samahan itong binuo ni Bonifacio bilang *Kataastaasan, Kagalangalang Katipunan* ng mga Anak ng Bayan. Maituturing itong *neologism* o isang bagong terminong sinimulang gamitin. Mula noon, nakaugat na ang Katipunan sa “asosasyon” dahil buhat sa salitang *tipon* ang neolohistikong termino ng Katipunan. Sa mga panahong iyon, lalo na noong nadiskubre ang lihim na samahang ito, isang salitang makapangyarihan ang Katipunan dahil ang sinumang marinig na binibigkas ito, kaagad silang hinuhuli ng mga awtoridad dahil sa hinalang kasapi sila ng kilusan o di kaya’y may nalalaman tungkol sa kilusan (Apostol 2009, 16).

Sa kabilang banda, ang Katipunan ay isang samahan. Isang samahan ito ng mga taong tumubo sa mga kapuluan hindi lamang sa kamalayang kontra-kolonyalismo kundi masasabi ring nakaangkla sa kamalayang pangkabuuan (Salazar 2004, 26). Masasabing samahan ito ng mga nasa laylayang sektor ng lipunan. Sinang-ayunan ni Reynaldo Iletto (1979) si Teodoro Agoncillo na malinaw ang pisikal na pakikisangkot sa Katipunan ng masa at nakaugat *per se* ang rebolusyon sa masa na binubuo ng mahihirap at naaaping Pilipino. Kung kaya’t kinalaunan, maaaring tawagin ang Katipunan bilang samahan ng mga plebyo (Iletto 1979, 5, 99-100). Anupaman, kinilala pa rin ni Iletto ang pamumuno ng mga Pilipinong rebolusyonaryong nagmula sa hanay ng mayayaman pagkatapos ng 1896 sa kabila ng mga debate sa historiograpiya noong panahon ng himagsikan kung saan naisasantabi ang mga ambag ng *ilustrado* sa himagsikan kasabay ng pagbibida sa mga tinatawag na “*inarticulate masses*” na nakipaglaban at namatay sa digmaan (Iletto 1998, 1). Sinabi pa nga ni Jaime Veneracion (2003, 146) na walang pakialam ang mga *ilustrado* sa pagsulpot ng Katipunan bilang isang bagong sibol na puwersa ngunit kinalauna’y nagbago ang kanilang sensibilidad.<sup>7</sup> Inilarawan si Bonifacio bilang *medio-educado* na nanilbihan bilang isang klerk samantalang ang ilang Katipunerong sina Pio Valenzuela, Deodato Arellano, Ladislao Diwa, at Ramon Basa ay nakakamit ng mataas na antas ng pag-aaral at nagmula sa gitnang uri ng lipunan. Kaiba naman ito sa pahayag ni Renato Constantino (1975, 163) na nagsasabing isang rebolusyonaryong samahang masa ang Katipunan na pinasimulan ng gitnang uri. Sa kabila ng maraming banggaan ng mga historyador, lutang ang pagiging kontra-kolonyalismo ng Katipunan dahil pinupuntirya ng mga Katipunero ang pagnanasang putulin ang maraming aspekto ng ugnayan sa pagitan ng Pilipinas at España (Richardson 2013, 2; Elumbre 2014a, 146). Mahalagang isiping hindi lamang samahan ng mga lalaki ang Katipunan kundi kasama rito ang lupon ng kababaihan. Matagal na itong pinag-aralan at patuloy na binibigyan ng pansin upang mas lalong maunawaan ang kanilang samu’t saring partisipasyon sa samahan. Masasabing ang pakikisangkot nila sa mga digmaan ang pinakamalaking transisyong naganap sa kasaysayan ng mga babae mula sa pagiging “babaeng tradisyunal.”



Kaya sa bahaging ito, tatalakayin ang mahahalagang papel na ginampanan ng kababaihan sa Katipunan (tingnan ang Larawan 3) bilang pambansang samahan. Kahit sabihin pang patuloy ang banggaan ng mga paliwanag, diskurso, at katwiran ng mga historyador hinggil sa mga taong nagpasimula rito (mahirap vs. mayaman; elit at gitnang uri vs. masa, at iba pa), hindi maikakailang malaki ang ginampanan ng bawat isa sa samahan. Ang mga babae, bilang nasa sektor ng sinasabing “nasa laylayan,” sa kabilang banda’y dapat silang bigyan ng pansin sa bahaging ito dahil bahagi at kasama sila sa mga “taong tumubo” sa kapuluan.

### LARAWAN 3 *Ilang Kababaihan sa Himagsikan*



Larawan ng Kababaihan ng Himagsikan. *Mula Kaliwa:* Mga Katipunerang sina Marina Dizon-Santiago, Gliceria Marella de Villavincencio, Teresa Magbanua, Nazaria Lagos, Patrocinia Gamboa, Melchora Aquino, Trinidad Tecson, Marcela Agoncillo, Trinidad Rizal, Josefa Rizal, Gregoria de Jesus, at Agueda Kahabagan. Larawang mula sa mga akda nina TKP (2011), Michael Charleston Chua (2013a, 2013b), KTKG (2013), Jensen Mañebog (2013a, 2013b), BA (2014), FK (2014), IP (2015), TBHT (w.tn.), at PBRP (w.tn.).

## Ang Masoneriya Bilang Daan

Mahalagang malamang halos kasabay ng pagsapi ng kababaihan sa Katipunan, itinatag noong Hulyo 18, 1893 ang masoneriya ni Maria Luz Rosario Villaruel na *Logia de Adopcion de la Walana* na naglalayong mangaral sa kahalagahan ng demokrasya, kapantayan, at liberalismo sa bansa (Dery 2006, 27; Reguindin-Estella 2014, 263). Makikita sa ibaba ang pamunuan ng *Logia de Adopcion*:

<b>Pangalan ng Katipunera</b>	<b>Sagisag</b>	<b>Katungkulan</b>
Purificacion Leyva	Ley	<i>Venerable Gran Maestra</i>
Rosario Villaruel	Minerva	<i>Hermana Inspectora</i>
Valeriana Legazpi	Diana	<i>Hermana Elocuencia</i>
Trinidad Rizal	Sumibul	<i>Hermana Secretaria</i>
Romalda Lanuza	Aurora	<i>Hermana Introductoria</i>
Sixta Fajardo	Ester	<i>Hermana Depositaria</i>
Josefa Rizal	Sumibat	<i>Hermana Miembro</i>

Binabanggit ni Janet Reguindin-Estella (2014, 263) sa kanyang pag-aaral na naging inspirasyon ng Propaganda at Katipunan ang mga masoneriya. Tunay ito dahil minsan nang sumapi mismong si Bonifacio sa masoneriya. Kilala siya sa alyas na *Sinukuan* at madalas siyang nakikita sa mga *junta blanca* (impormal na sesyon) ng *Logia Taliba No. 165 de Tondo* kung saan nakakapakinig siya ng mga aral bagama't nasa wikang Español ang talakayan kung kaya't inayawan niya ang samahan (de los Santos 2006, 68). Kung gayon, maituturing bilang unang hakbang ang masoneriya sa pagbubuo at pakikisangkot ng mga Pilipino lalo na ng kababaihan sa samahan ng Katipunan. Masugid na ginampanan ng mga babaeng ito ang kanilang tungkulin bilang kasapi ng masoneriya. Hindi nagtagal, marami sa kanila ang dinakip, pinarusahan, at ibinilanggo. Makikita sa *Philippine Revolutionary Papers* (Camagay 1998, 73-74; Dery 2006, 27-28) ang ilang pangalan ng kababaihang pinalaya dahil sa amnestiya na inilabas noong Mayo 17, 1897 ni Gobernador-General Primo de Rivera:

<b>Pangalan</b>	<b>Tirahan</b>	<b>Petsa ng Pagkakabilanggo</b>
Lucina Cervena	Pasig	Nobyembre 3, 1896
Claudia Caldera	Parañaque	Disyembre 7, 1896
Geronima Lombos	Parañaque	Disyembre 7, 1896
Petra Mendoza	Parañaque	Disyembre 7, 1896
Nicolasa Garcia	Parañaque	Disyembre 7, 1896
Tomasa Bizon	San Pedro Macati	Disyembre 13, 1896
Fermina Damasco	Vigan, Ilocos Sur	Nobyembre 24, 1896
Petra de Leon	Malibay	Disyembre 18, 1896
Honorio de la Cruz	Quiapo	Disyembre 18, 1896
Gervacia Javier	Mariquina	Disyembre 20, 1896
Petrona Fernando	Bulacan	Enero 29, 1897



Concepcion Constantino	Bulacan	Enero 29, 1897
Agripina Belen	Tondo	Marso 17, 1897
Rufina dela Cruz	Sampaloc	Marso 8, 1897
Benigna Ramos	Tondo	Marso 17, 1897
Gabriela Dionisio	Sampaloc	Disyembre 20, 1896


Malinaw na ang rebelyon at sedisyon ang mga pinakamabigat na kasong ipinapataw ng mga Español sa mga Pilipino. Dalawa lamang ang kanilang maaaring patunguhan: pagpapatapon o pagkakabilanggo. Kalimitang ipinapatapon ang mga rebelde sa ibang kolonya ng España katulad ng Guam, Fernando Poo sa Kanlurang Aprika at Ceuta sa Hilagang Aprika. Ang mga halimbawa ng kababaihang ipinatapon noong Oktubre 7, 1896 sa isla ng Fernando Poo sa Aprika ay sina Macaria de la Rosa, Teodorica de los Santos, Cecilia Laureto, at Miguela Vega (Dery 2006, 29). May mga tala na nagsasabing bago pa makarating sa patutunguhan ang mga eksilo (*exile*), namatay na ang ilan sa kanila dahil sa supokasyon. Sa kabilang banda, maaaring ibilanggo ang mga rebelde sa *Fuerza de Santiago (Fort Santiago)*. Mas marami ang nabilanggong Pilipino pagsapit ng dantaon 19 kung kailan halos 4,000 ang naikulong sa Maynila at kasunod pa nito ang malawakang pagkakaaresto sa mga kasapi ng Katipunan noong 1896. Marami rin ang namamatay na bilanggo dahil na rin sa kawalan ng hangin sa loob ng selda o di kaya'y nalulunod dahil sa pagtaas minsan ng tubig na nagmumula sa Ilog Pasig (Bankoff 2000, 155-156; Boncan 2010, 11). Sa mga lalawigan, madalas na ikinukulong sa malalaking selda ang mga bilanggong nasentensyahan ng mahabang taon ng pagkakapiit. Mahalagang malamang hinahati nila sa pitong katawagan ang uri ng pagkakapiit: *presidio, cadena, reclusion, relegacion, carcel, prision*, at *arresto*. Ibig sabihin, ang mga salitang ito ang magtatakda ng itatagal na taon ng pagkakakulong (Bankoff 2000, 156, 158). Hindi makakailang naranasan din ng mga babaeng Katipunera ang ganitong kalbaryo na ipinataw ng mga dayuhan sa kanila. Sa kabila ng ganitong pagmamalabis, naisulong pa rin ng kababaihan ang adhikain at simulain ng Sangay Pangkababaihan ng Katipunan na lumaganap sa buong kapuluan.

### ***Sangay Pangkababaihan ng Katipunan***

Taong 1892 nang itinatag nina Andres Bonifacio, Ladislao Diwa, at Teodoro Plata ang Katipunan na hinahati sa tatlong balangkas (tingnan ang Larawan 4): Kataastaasang Sanggunian, Sangguniang Bayan, at Sangguniang Balangay kung saan may gampanin sa kilusan ang bawat isa (Guerrero at Schumacher 1998, 149; Gripaldo 2003, 145).

Pagkatapos nito, taong 1893 itinatag naman ang Sangay Pangkababaihan ng Katipunan (Agoncillo 1990, 163; Jose 2015, 35). Binuo ito ni Bonifacio matapos siyang ikasal kay de Jesus. Naisip din ni Bonifacio, maliban sa metodong tatsulok, maaaring lumaganap ang Katipunan sa pamamagitan ng mga babae ngunit nilimitahan lamang ni Bonifacio ang pakikisangkot ng kababaihan. Upang maprotektahan ang bagong tatag na Katipunan,

## LARAWAN 4 Ang Balangkas at Organisasyon ng Katipunan



(Guerrero at Schumacher 1998, 150)

sinuring mabuti ng mga Katipunero ang katapatan ng mga babae lalo pa't sila'y maaaring asawa, anak o kapatid ng kalalaking Katipunero (Agoncillo 1990, 163). Ang mga unang opisyal ng Sangay Pangkababaihan ng Katipunan ay sina Josefa Rizal bilang Pangulo<sup>8</sup>; Gregoria Bonifacio y de Jesus bilang Pangalawang Pangulo; Marina Santiago y Dizon bilang Kalihim; at Angelica Rizal Lopez bilang Piskal (Agoncillo 1990, 163-164; Roces 2001, 37-38). Noong 1895, itinatag ang unang sangay ng Katipunan sa Malolos kung saan maraming mag-aaral ang sumapi rito lalo na nang ipatapon sa Mindanao ang walong maginoo ng Malolos. Si Agustin Tantoco ang naging pinuno ng *Katipunan del Norte*

kasama ang kapatid na si Gavino Tantoco, ama ni Basilia Tantoco, isa sa kababaihan ng Malolos. Nabanggit pa, si Basilia Tantoco ay naging kasapi rin ng Katipunan. Nakilala siya sa pangalang “Kumintang” (Dalena at Dalena 2014).

Bagama’t may ilang talang nagsasabing hindi kasama ang kababaihan sa Katipunan. Ayon kay Gregorio Zaide (Andaya 2001, 21), inalis ang ilang kababaihan sa Katipunan dahil ang ilan sa mga ito’y hindi nagtatago ng lihim o hindi napagkakatiwalaan. Isang patunay ang pangyayaring naibunyag ng kapatid na babae o asawa ni Teodoro Patiño ang lihim ng Katipunan sa mga awtoridad. Limitado lamang ang responsibilidad ng mga babae sa samahan, hindi parehas ang ginagawa ng mga lalaki at babaeng Katipunera. Itinuring sila bilang mga katulong o kaagapay sa anumang aktibidades ng samahan. Ang kalalaking Katipunero ang siyang mamumuno at magpapasunod sa kanilang mga asawa at mga anak (Alvarez 1992, 161; Andaya 2001, 20).

Sa pangkalahatan, hindi naman mandatoryo ang pagsapi ng kababaihan sa Katipunan. Ang mga pangunahing trabaho ng Katipunera ay ang humikayat ng mga bagong miyembro ng samahan, tagasulat ng mga katitikan, taga-ingat ng mahahalagang dokumento, tagalinlang, taga-aliw sa mga awtoridad na mga Español na nagdududa sa mga pagpupulong na isinasagawa ng mga Pilipino, at tagagawa ng mga bandila (Reguindin-Estella 2014, 264). Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na dumadaan sa ilang inisasyon o pagsubok ang pagsapi sa Katipunan. Hindi sapat na dahilan ang pagiging “babae” ng isang nais sumapi para hindi siya dumaan sa mga inisasyon. Katulad ng mga tipikal na kasapi, dumaan din ang kababaihan sa pagiging *Katipon* (kung saan nagsusuot sila ng itim na balabal at kalakip ang *password* na “Anak ng Bayan”); *Kawal* (nagsusuot ng luntiang balabal kung saan “Gom-Bur-Za” ang *password*); at *Bayani* (nagsusuot ng pulang balabal at kalakip ang “Rizal” bilang *password*). Kailangan din nilang masagot nang tama at maayos ang ilang katanungang may kinalaman sa inisasyon. Nasa ibaba ang mga nasabing tanong:

***Ano ang kalagayan ng Katagalugan noong unang panahon?*** Ang Katagalugan ay nabubuhay sa ganap na kasaganaan at katiwasayan. Kung kaya’t tunay na mayaman ang kaasalan ng lahat ng sangkatagalugan.

***Ano ang kalagayan ng Katagalugan sa kasalukuyan?*** Halos tatlong daang taon na natin binubuhay ang lahi nina Legazpi (Miguel Lopez de Legazpi) sa lubos na kasaganaan ngunit pawang mga kataksilan ang naging kapalit sa ating pagtanggap kung kaya’t wala na ang kapanatagan sa kabayanan ng kapuluan.

***Ano ang maaaring maging kalagayan ng Katagalugan sa hinaharap?*** Muling babalik ang kapanatagan sa ating bayan kung pag-iisahin ang ating

dibdib at isip at buong pusong magdadamayan (Artigas y Cuerva 1911, 45-49; Dalena at Dalena 2014).

Pagkatapos nito, bibigyan ng ilang pagsubok ang kababaihan upang mapatunayan ang kanilang katapatan at katapangan sa samahan. Kung makapasa sa mga pagsubok ang kababaihan, susumpa sila sa harap ng pinuno at lalagda ng isang kasulatan. Nilalaman ng kasulatan ang mga ganitong pahayag:

Nanunumpa sa ngalan ni Bathala at Bayan na aking ipagtatanggol nang walang karuwagan ang mga layunin ng Kataastaasan, Kagalang-galangang Katipunan (KKK) ng mga Anak ng Bayan. Aking iingat ang kanyang lihim, susundin ito ng pikit-mata, aking sasaklolohan ang lahat ng mga kapatid sa lahat ng kagipitan at panganib. Nanunumpa at nangangako ako na buong pusong kikilalanin ang ating pinuno. Hindi ko kailanman ipagkakanulo ang lahat ng kautusan at habilin ng Katipunan. Kung kaya't tatalaan ng aking dugo ang kasulatang binuo sa aking hinaharap. Sa pakikibaka ay kikilalanin akong si (*nom de guerre*) (Dalena at Dalena 2014).

Pinaniniwalaan ng mga awtoridad na Español na ang Katipunan ay isang lohiya kung kaya't dinakip din ang mga babaing kasapi ng *Logia de Adopcion* at ilang miyembro ng Katipunan. Kaagad naman silang napalaya dahil sa utos ni Gobernador-Heneral Camilo de Polavieja noong Enero 11, 1897. Narito ang ilan sa kanila (Camagay 1998, 74-75):

<b>Pangalan</b>	<b>Edad</b>	<b>Tirahan</b>
Purificacion Leyva	29 años	Tondo
Carlota Zamora	21 años	Quiapo
Maria Luz Rosario Villaruel	hindi naitala	Binondo
Narcisa Rizal y Alonzo <sup>9</sup>	24 años	San Jose Trozo
Josefa Rizal y Alonzo	hindi naitala	San Jose Trozo
Angelica Lopez y Rizal	hindi naitala	San Jose Trozo
Perfecta Mendoza Legaspi	41 años	Mariquina
Salud Lanusa	20 años	Binondo
Sixta Fajardo	24 años	Binondo
Valeriana Legaspi	28 años	Binondo
Ysidra Morales Rivera	29 años	Quiapo

## Ang “Katipunan” ng Kababaihan

Nang sumiklab ang himagsikan noong 1896, maraming lalawigan ang nagsipagkilos laban sa mga Español. Hindi nagpahuli ang kababaihan sa pangunguna ng ilang pag-aaklas.

Naging kaagapay sila ng kalalakihan sa hirap at ginhawa at pakikipaglaban sa ngalan ng karangalan ng Katagalugan. Sa bahaging ito, makikita ang pakikilahok ng kababaihan sa iba't ibang lugar lalo pa't ang pagbubuo ng Katipunan ay hudyat ng mga Pilipinong nais bumuo ng isang nagsasariling bansa. Sa kasalukuyang Kamaynilaan, nanguna ang mga babaeng nagmula sa Mariquina, Parañaque, San Juan del Monte, Quezon, Pasig, at Pasay. Naging mainit din ang pakikipaglaban ng kababaihan sa iba't ibang lalawigan ng Luzon halimbawa ng Bulacan, Pampanga, Pangasinan, Aurora, Cagayan, Laguna, Batangas, Tayabas (Quezon), Cavite, Albay, at Camarines Sur. Panghuli, naging aktibo rin sa pakikilahok ang kababaihan sa mga labanan na naganap sa mga lalawigan ng Kabisayaan katulad ng Capiz at Iloilo. Hindi na isinama ang mga kababaihan sa Mindanao na matagal nang lumalahok sa mga pakikidigmang Moro.

### *Ang Katipunan ng Kababaihan sa Kamaynilaan*

Naging lungga rin ng mga rebolusyonarya at Katipunera ang kasalukuyang *National Capital Region* (NCR). Malayo sa kontemporanyo at kasalukuyang panahon ang pisikal na kalagayan ng Kamaynilaan kung ikukumpara noon. Ang kasalukuyang kalakhan na nasa sentro ng urbanisasyon ay minsan naging sulo ng mga kalat-kalat na digmaan. Halimbawa, dumating sa kasalukuyang Mariquina (Marikina) ang Katipunan.<sup>10</sup> Naging lagusan nina Bonifacio ang Marikina sa kanilang pag-urong sa ilang himagsikan (Cuneta 1997, 135; Tugano 2016, 4). Sa mga labanang yaon hindi nagpahuli ang kababaihang Mariqueña. Lumaban ang mga magigiting na kababaihan ng Mariquina (Marikina) kung saan nakilala sina Honoria de la Cruz at Gervacia Javier na buong pusong lumaban sa puwersa ng mga Español. Isa naman sa mga karatig-bayan ng Mariquina ang Tambobong o ang kasalukuyang siyudad ng Malabon. Matatandaang isa ang Tambobong sa mga kumatig sa puwersa ng mga Ingles noong 1762 hanggang 1764 kasama ang Parañaque at Pasig (Alvarez 2012, 148). Kinalaunan, sumapi na rin ito sa pambansang kilusan ng Katipunan. Naging kabahagi rin ang puwersa ng kababaihang taga-Malabon. Ang ilan sa kanila ay si Valeriana Lopez. Kasabay na ring sumapi sa kilusan ang Parañaque. Naging kilala sa samahan ang mga hindi kilalang bayaning Parañaqueñang sina Geronima Lombos/Lombas, Petra Mendoza, Petra de Leon, at Nicolasa Garcia. Makikilala rin sa kalat-kalat na lugar o ilang *arrabales* ng Maynila ang mga rebolusyonaryang katulad nina Delfina Fajardo, Flaviana Fajardo, Maria Saracho Velez, Gabriela Dionisio Estrella, Delfina Fajardo Sikat, Cornelia Ignacio, Miguela Mercado, at Honorata Pacion (Dery 2006, 28). Ang lahat na mga nabanggit na kababaihang mula sa Marikina, Parañaque, at Maynila ay naipatapon at naibilanggo noong 1896 hanggang 1898.

Naging lundayan at kuna rin ng mga matatapang na Katipunera ang mga *arrabales ng* Maynila. Sarkastiko kung titingnan ang Maynila bilang sentro ng pamahalaan at kapayapaan sa panahon ng mga Español ngunit sa pagkakataong ito'y naging sentro na



rin ng digmaang pinangunahan ng ilang kababaihang Maynileña. Isa sa mga dapat alalahanin ang Katipunerang si Marina Jacinta na tumubo sa Maynila. Ipinapatay si Jacinta ng mga Español. Inilarawan siya bilang isang Katipunerang may pagpapahalaga sa kabayanihan ng kanyang ama, tapat na asawa sa katipang Katipunero, at magiting na kamag-anak ng mga bayani (Andaya 2001, 20).

Ipinalamas naman ni Agueda Esteban y de la Cruz ng Binondo ang kanyang kabayanihan nang maging katiwala siya ng mga Katipunero sa pagtatago ng mga dokumento. Napangasawa niya ang Katipunerong si Mariano Barroga (kilala sa sagisag na Tungkod). Matapang na tinatawid ni Agueda ang Cavite at Maynila para ibigay ang mahahalagang dokumento ng Katipunan at upang bumili ng mga bala at baril (Dimagiba 2010). Dapat ding kilalanin ang Katipunerang si Bernarda Tagalog y Monson na nakipaglaban kasama ang kanyang anak na pinaniniwalaan ding kapwa kasapi ng Katipunan (Cook 2006, 465).

Sumapi rin sa Katipunan ang Maynileñang si Delfina Herbosa de Natividad. Matatandaang isa siya sa mga tumahi ng bandila ng Pilipinas na iniwagayway noong 1898. Sumapi sa Katipunan si de Natividad dahil sa dalawang kadahilanan: (1) dahil naimpluwensyahan siya ng kanyang asawang Katipunerong si Jose Salvador at (2) dahil sa pagkakait sa kanyang ama ng mga prayleng Español na mailibing at mabasbasan ang bangkay nito sa Katolikong simbahan (Herbosa 2000). Kilala rin ang mga Katipunerang nadestino sa Kamaynilaan na sina Carmen de Rodriguez (maybahay ni Doroteo Rodriguez), Macaria Geronimo (maybahay ni Candido Tria Tirona), Benita Rodriguez (maybahay ni Restituto Javier), at Simiona de Remigio (maybahay ni Tomas Remigio) (Camagay 1996, 5). Bahagyang hindi naitatala sa pahina ng kasaysayan ang mahalagang ginampanan ng mga Katipunerang humimpil din sa Kamaynilaan katulad nina Marta Saldaña (maybahay ni Faustino Mañalac) at Macaria Pangilinan (maybahay ni Marcelo Santos) (Fernandez 1930; Camagay 1996, 5).

Mula nang mabunyag ang lihim ng Katipunan noong Agosto 19, 1896, lumaganap na ang malawakang pag-aalsa ng Katipunan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Kasabay nito noong ika-23 ng parehong buwan at taon ang pagtitipon nina Bonifacio at ilang Katipunero sa kasalukuyang Lunsod Quezon upang isagawa ang unang Sigaw o *el primer grito* kung saan pinunit nila ang sedula bilang hudyat ng pagkalas sa mga Español (PSP 1996, 150).<sup>11</sup> Sa bahagi ng kasaysayang ito, hindi lang basta kilala kundi dakila kung ituring ang isang matandang babaeng si Melchora Ramos y Aquino o mas kilala sa tawag na "Tandang Sora." Binuksan niya noong Agosto 23, 1896 ang kanyang kamalig sa Gulod (Banlat), Lunsod Quezon (noo'y sakop ng Kalookan) upang maging tagpuan ng mga Katipunero at para pakainin ang mga Katipunero (Alvarez 1992, 19; Camagay 1998; 62; Borromeo-Buehler 1998, 25; NHI 1999d, 237; Ong 2012, 127). Hindi pa naalis ang mga ipa ng palay ay niluto na ito ni Tandang Sora upang pakainin ang mga Katipunero. Nagbigay rin siya ng isang daang kaban ng palay at sampung kalabaw bilang tulong sa mga

Katipunero (Ong 2012, 128). Tatlong araw ang nakalipas, dinakip si Tandang Sora sa Pasong Putik, Novaliches at ibinilanggo sa Bilibid. Wala siyang ipinagtapat sa mga guwardiya sibil tungkol sa mga adhikain ng Katipunan. Noong Setyembre 2, 1896, ipinatapon si Tandang Sora sa Guam at ang limangpu't anim na mga bilanggo (Navarro 1999, 149; NHI 1999d, 237; Ong 2012, 128). Sa katunayan nakasama niya ang isang Katipunerang si Segunda Puentes Santiago, isang dakilang babaeng bayaning nakipaglaban sa pook ng Pinaglabanan sa San Juan del Monte (Ong 2012, 128). Nakabalik lamang si Tandang Sora sa Pilipinas noong 1899.

Hindi rin papahuli ang Kalookan sa mga nagluwal ng matapang na Katipunera. Bantog si Gregoria de Jesus o "Oriang," ang Lakambini ng Katipunan bilang isang matapang na Katipunerang isinilang sa bayan ng Kalookan na noo'y sakop pa ng Rizal. Ikinasal siya kay Bonifacio kahit na labag sa loob ng mga magulang ng dalaga lalo na sa kanyang ama (de Jesus 1928a; Gealogo 2013, 139; Jose at Navarro 2014, 52). Nagkaroon sila ng isang anak na lalaki ngunit kinalaunan namatay ito sa bahay ni Pio Valenzuela. Katuwang siya ni Bonifacio na lumaban sa mga Español at dumanas ng hirap alang-alang sa kalayaan ng Pilipinas (NHI 1999c, 144). Sa ganang ito, nalalapit na ang malawakang panghuhuli sa mga Katipunerong nagsipag-aklas noong 1896. Kung kaya't marami sa kanila ang hinuli, ipiniit, at tumakas palabas ng Maynila. Si Oriang ay pansamantalang tumuloy sa kanyang mga magulang sa Kalookan mula Magdalena, Trozo (Jose at Navarro 2014, 54). Hindi naglaon, tinutugis at tinutunton na siya ng mga awtoridad na Español kung kaya't tumakas siya ng ika-11 ng gabi at ninanais na bumalik sa Maynila. Makikita ang walang takot na tinawid ni Oriang ang kabukiran hanggang sa makarating sa Loma patungong Maynila. Sa kanyang paglalakad, tinatangka niyang kumatok sa mga kabahayan upang magtago ngunit siya ay pinagtatabuyan dahil sa takot na masangkot sila sa mga pang-aaresto. Namalagi ng ilang araw si Oriang sa Daang Clavel kasama ang hipag niyang si Espiridiona "Nonay" Bonifacio upang magtago sa mga Español at itinago niya ang kanyang sarili sa sagisag na Manuela Gonzaga (de Jesus 1928a, 160-161; Jose at Navarro 2014, 55; Navarro at Elumbre 2014, 243). Malaki ang ginampanan ni Oriang sa Katipunan. Isa siya sa mga nagtatago ng mahahalagang dokumento ng samahan at may ilang pagkakataong nagpupuslit siya ng mga revolver, sandata, at balaraw na maaaring magamit ng mga Katipunero. Sa pagkakamatay ni Bonifacio noong Mayo 10, 1897, naging pangalawang asawa niya si Julio Nakpil (J. Giliw), ang kompositor na Katipunerong katiwala at kaibigan ni Bonifacio (NHI 1999c, 144; Gealogo 2013, 139-140).

### *Ang Katipunan ng Kababaihan sa Luzon*

Sa kadahilanang heograpikal, ang Maynila na kadikit ng mga lalawigan sa Gitnang Luzon at ng katimugang bahagi ng Luzon ay tila бага naging lagusan ng mga Katipunero. Dahilan ito kung bakit mabilis na lumaganap at kumalat ang Katipunan sa mga kanugnog

lalawigan nito. Isa sa mga kalapit-lalawigan ay ang Bulakan. Malaki ang sangay ng Katipunan sa Bulacan.<sup>12</sup> Nakisangkot din ang kababaihan sa kalat-kalat na sangay/balangay ng Katipunan. Nabanggit ngang si Basilia Tantoco ay sumapi sa Katipunang pinamumunuan ng kanyang amang si Gavino Tantoco. Nakipaglaban si Basilia gamit ang kanyang alyas na “Kumintang.” Kilala rin sa Bulacan ang batang Katipunerang si Maria Rodrigo y Makapugay, anak nina Nicolas Rodrigo at Gertrudes Makapugay. Si Maria ay kalapit na kamag-anak ni Ka Selo (Marcelo H. del Pilar). Sumanib siya sa puwersa ng kamag-anak niyang si Gregorio del Pilar sa paglusob sa mga Español, marahil, sa mga labanang naganap sa Paombong at Kakarong kung saan muntik nang mamatay ang heneral (Kalaw 1974, 25; Dery 2006, 47). Nagsilbing espiya at nagbibigay-babala si Maria Rodrigo sa mga heneral kung may dumarating na kalaban. Namatay si Maria sa isang labanang naganap sa kabundukan ng Bulacan noong panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano (Dery 2006, 47). Maliban kay Maria, kilala rin ang mga Katipunerang Bulakeña na sina Estefania del Rosario ng Barasoain at Juana Tiongson ng Malolos, Bulacan. Sila ang naging tagapagtustos ng pagkain ng mga Bulakeñong lumalaban sa himagsikan. Kilala sa kasaysayan ang mga babaeng Bulakeña sa paggawa nila ng pagkaing tinatawag na “balisungson” o isang kaning binalot sa dahon ng saging na kanilang ipinamimigay sa mga sundalo. Tumulong din sila sa panghihikayat na sumali sa Katipunan. Dapat ding bigyan ng pansin ang mga Bulakeñang lumaban at sumapi sa masoneriya at Katipunan katulad nina Gavina Carreon ng Obando, Catalina de los Santos ng Angat, Petrona Fernando ng Bulacan, at sina Rosa Libunao, Eulalia Puno, Juana Sagun, at Fernanda de la Paz ng San Miguel de Mayumo (Dery 2006, 28). Kapag ang usapan ay ang Katipunan sa Bulacan, hindi mawawala ang pangalang Trinidad Tecson o mas kilala bilang “Trining.” Tinatawag siyang “babaing lalaki” dahil sa katapangang kanyang ipinakita sa panahon ng himagsikan (Reguindin-Estella 2014, 265). Kilala rin si Trining bilang “Ina ng Biyak-na-Bato” at “Ina ng Awa” dahil sa pagbabantay nito sa bukana ng Biyak-na-Bato laban sa mga Español. Bago siya naging Katipunera, lumahok siya sa *Logia de Adopcion* noong 1893. Bilang babaeng miyembro ng Katipunan sa edad na 47 taong gulang, sumali siya sa sangay na “Balangay Araw” kung saan napasailalim siya sa pamumuno nina Heneral Francisco Makabulos y Soliman, Heneral Isidoro Torres, Heneral Mariano Llanera, at Heneral Gregorio del Pilar (NHI 1993e, 275; Sta. Romana-Cruz 1998, 169; Veneracion 2007, 74; Reguindin-Estella 2014, 266). Ginamot din niya ang mga sugatang Katipunero sa Biak-na-Bato at noong 1899, isa siya sa mga babaeng nagtatag ng *National Red Cross* ng Pilipinas.

Tila baga *domino effect* ang pagkakapasok ng Katipunan sa Pampanga mula Bulakan. Naging aktibo ang lalawigan ng Pampanga sa mga kilusan. Lumahok ang magigiting na Kapampangan sa masoneriya ng *Lodge Nilad* ng Maynila noong 1891<sup>13</sup> Kilala sa Pampanga ang mason at Katipunerang si Potenciana Bondoc ng Macabebe, Pampanga (Dery 2006, 28). Isa si Bondoc sa mga nabilanggo noong panahon ng himagsikan. Lumaya lamang siya dahil sa amnestiya na ipinataw sa kanya ng Gobernador-Heneral. Matatandaang

bago itatag ang Katipunan sa Pampanga, aktibo nang nakikilahok ang kababaihan sa rebolusyon. Maunlad na ang samahang *Cruz Roja* sa mga bayan ng San Fernando, Mabalacat, Bacolor, Mexico, at Angeles (Camagay 1998, 57; Mactal 1999, 18). Sa katunayan, iminungkahi ng kababaihang taga-Bacolor ang petisyong ilipat sa nasabing bayan ang pamahalaang rebolusyonaryo dahil mapayapa at masagana ang mga kalupaan nito. Sa madaling salita, marami sa kababaihang Kapampangan ang sumapi sa Katipunan hanggang sa pagbubuo ng *Cruz Roja*.

Maliban sa Pampanga, matapang na nakisangkot ang mga taga-Pangasinan sa Katipunan at ilang pag-aalsa. Dahil sa pagnanasang dapat makilala ang Katipunan bilang kontra-kolonyalismong samahan, mabilis na nakarating sa Pangasinan ang Katipunan.<sup>14</sup> Naging pusod ng Katipunan sa Pangasinan ang bayan ng Sta. Barbara. Hindi naglaon, nakarating ang Katipunan sa bayan ng Bayambang kung saan sumapi ang maraming kababaihan sa rebolusyon. Ang ilan sa mga Katipunerang ito ay sina Juana Beltran, Genoveva Catacutan, Trinidad Alfaro, Teofila Pineda, Apolonia Garcia, Olimpia Samaniego, Carmen Alfaro, Hermogena Alvia, at Valentina Arceo (Dery 2006, 47). Naging katuwang sila sa pagtatago ng mahahalagang dokumento ng Katipunan sa Pangasinan, pagiging espiya, at pagluluto ng mga pagkain. Ang kababaihang ito ay nanatili sa mga arsenal upang magnakaw ng mga armas na gagamitin ng mga rebolusyonaryong nasa Pangasinan. Umurong at nabihag sila sa Bayambang.

Katulad ng Pangasinan, hindi rin naitatala sa mga pahina ng kasaysayan ang pakikilahok sa himagsikan ng mga taga-Cagayan. Limitado ang pag-aaral sa kasaysayan ng lalawigan. Maliban sa pag-aaral ni Edilberto de Jesus (1982, 29), kilala ang lalawigan noong panahon ng mga Español na may mayamang lupa at klima na angkop sa pagtatanim ng tabako kung kaya't sumailalim ito sa monopolyo ng tabako. Naging dahilan din ito ng ilang pag-aalsa ng mga katutubo at ilang kalat-kalat na himagsikan. Bago pa man itatag ang Katipunan bilang pambansang kilusan noong 1896, may mga ulat nang ipinapadala sa Maynila na may mga pag-aalsang nagaganap sa lalawigan ng Cagayan.<sup>15</sup> Sa pag-aalsang ito, nakilala ang kaisa-isang babaeng Cagayena na naging kasapi ng himagsikan na si Maria Trinidad. Isa si Trinidad sa mga nanguna ng pag-aaklas noong 1895 sa bayan ng Aparri laban sa mga Kastila (Mactal 1998, 60-61). Sa pagpasok ng 1896, naging kasapi ng Katipunan ang matapang na babaeng si Maria Trinidad.

Lungga rin ng magigiting na Katipunero ang Baler (kasalukuyang lalawigan ng Aurora). Sinuportahan ni Aguinaldo ang mga Katipunero sa Baler nang tinawid niya ang Pantabangan upang ibigay ang labing-limang baril na gagamitin ng mga Katipunero (Madrid 2012, 40). Maraming Katipunero ang sumali sa digmaan laban sa mga Español sa mga bayan ng Baler at Casiguran. Pinasuko nila ang mga natitira pang Español sa lalawigan. Mahalaga rin ang ginampanan ng babaeng Balereñang si Zenaida Molina. Pinatunayan niya ang tunay na pagmamahal ng isang ina. Sa kabila ng digmaan, itinago

niya ang kanyang anak na babae sa mga simbahan (Madrid 2012, 79). Hindi kilala marahil si Zenaida Molina sa kasaysayan ngunit malaki ang kanyang ginampanan sa pagtulong niya sa mga Katipunerong Balereño. Bagama't maituturing na tapat ang angkan ni Zenaida sa mga Español at minsan pa nga'y kinokondena ng mga Katipunero bilang mga traydor, pinatunayan pa rin ni Zenaida na hindi dahilan ang kanyang pagkababae para lumaban at ipagtanggol ang mga naaapi. Hindi gaanong naitala ang buhay at kasaysayan ng mga Katipunero sa Baler kung kaya't patuloy pa ring nakakubli ang pakikisangkot ng kababaihan sa kilusan.

Sa usaping heograpikal, kadikit ng katimugang bahagi ng Maynila ang mga lalawigan ng Katimugang Luzon. Sa ganang ito, lumaganap din ang Katipunan sa mga nasabing lalawigan. Nakarating halimbawa sa Laguna ang samahan ng Katipunan.<sup>16</sup> Hindi naging huli ang kababaihan sa pakikisangkot sa Katipunan. Nabanggit sa kasaysayan ang Katipunerang taga-Biñan na si Lina Amado, pamangkin ng Katipunerong si Antonino Guevara y Mendoza (tagapagtatag ng Sangay ng Katipunan sa Laguna, "Matatag").<sup>17</sup> Naging katiwala ni Guevara si Lina Amado sa pagtatago ng mga mahahalagang dokumento ng Katipunan at kung minsan pagtatago rin ng mga salapi (Guevara y Mendoza 1897, 6). Kasabay ng mga kaganapang ito ang pagputok ng digmaan sa Sambat noong Nobyembre 15, 1896. Pinamunuan ito ng mga Katipunerong nagmula sa sangay ng "Maluningning" na sina Severino Tainio at kasama ang nag-iisang babae na si Agueda Kahabagan. Lumahok sa nasabing labanan ang mga *casadores* na may mga riple, itak, sibat, at ilang baril. Nagmula pa sila sa mga bayan ng Pagsanjan, Lumban, Pakil, Siniloan, Cavinti, Sta. Cruz, at Magdalena (NHI 1993a, 386; Sanchez Fuertes 2001, 193). Matapang na hinarap ni Agueda Kahabagan ang puwersa ng mga Español. Naging kasama rin si Agueda Kahabagan ni Heneral Artemio Ricarte sa ilang paglusob sa mga kuwartel ng mga Espanyol sa San Pablo, Laguna (Camagay 1998, 68). Nagpatuloy ang pakikibaka ni Kahabagan hanggang sa Digmaang Pilipino-Amerikano at itinuturing siya bilang kaisa-isang babaeng heneral ni Malvar (Churchill 1995a, 66; Tan 2002, 85). Namatay si Agueda Kahabagan nang walang nakakaalam kung saan inilagak ang kanyang bangkay ngunit pinaniniwalaan itong inilibing sa bayan ng Nagcarlan (Estubo 2018).<sup>18</sup> Maliban kay Agueda Kahabagan, tanyag ang mga Katipunerang taga-Laguna na sina Fausta Alipia, Angelina Lopez Rizal, Trinidad Rizal, at Josefa Rizal ng Calamba, at Catalina Mamila ng Cabuyao (Dery 2006, 28).

Kadikit ng Laguna ang lalawigan ng Batangas kung kaya't hindi kataka-takang dumating ang kilusan ng Katipunan sa mayamang lalawigan ng Batangas.<sup>19</sup> Lumaganap ang Katipunan sa mga bayan ng Lipa, Cuenca, Tuy, Lian, Balayan, at marami pang iba. Hindi kataka-takang maraming sumapi sa Katipunan dahil sa lubos na pagmamalupit ng mga Español sa lalawigan lalo na sa mga bayan ng Nasugbu at Balayan. Ang dalawang bayan ay tagapagtustos ng asukal (Ileto 1998, 100). Dahil sa pagkontrol ng mga Español at laganap na kagutuman sa mga nasabing bayan, lumaganap din ang rebolusyon simula



noong Agosto 1896 hanggang sa kalagitnaan ng 1898 (Ileto 1998, 100). May mga talang nagpapatunay na nakisangkot din ang kababaihan sa Katipunan ng Batangas. Bukod tanging nabanggit sa kasaysayan ang pangalang Esperanza Solteras. Si Solteras ay isang rebolusyonaryang mula sa Balayan. Isa siya sa mga pinarusahan at ibinilanggo sa Bilibid noong 1896 (Dery 2006, 28). Naging kasapi siya ng kilusang Katipunan bilang espiya, tagatago ng mga dokumento, at nagbibigay siya ng mga pagkain sa mga rebolusyonaryo.

Aktibo ring nakilahok sa himagsikan ang mga lalawigan ng Tayabas (Quezon) at Kabite. Madaling sumuko ang mga Español sa bayan ng Tayabas (Dery 2006, 46). Malaki ang ginampanan ng mga babaeng Tayabasin dahil sila ang humihikayat at nagrerekluta sa kalalakihan na sumapi at makibahagi sa mga himagsikan. Isa sa hindi makakalimutan ay si Fausta Labrador ng Lucena, Tayabas (ngayon ay Quezon). Nagkaroon ng panawagan si Labrador sa kababayan na magkaisa tungo sa kasarinlan. Ito ang nilalaman ng kanyang panawagan:

Sa Lalawigang Tayabas  
Minamahal kong mga Kababayan

Linoob ng Dios na sumapit tayo sa ganitong panahon na lumasap na ng munting kaginhawaan sa ninanasang Kalayaan nitong sang-kapuluang Filipinas, bagaman nga ang pinupuhunan natin ay dugo at pag-aari upang matamo ang lubos na katimawaan inagaw at niyurak ng mga kakastilaan sa loob ng mahigit na tatlong daang taon. Datapua't kailangang dagdagan natin ang katapangan ng loob at ang pagkakaisa, ng ating mapaglabanang baga ang anomang kapanganiban hinaharap sa panahong ito. Di nga natin dapat ipagtaka at ipanggilalas ang mga sakunang nangyayari ngayon sapagka't ito'y kalooban ng langit, hulog sa atin ng Maykapal, at kung mapagtiisan ay walang salang di tayo'y magkakamit ng lubos na kaginhawahan, yayamang ang mga anak niyang masunurin ay pinagpapala at ginaganti dito sa ibabaw pa man ng lupa, bukod pa ang kaluwalhatian laan sa atin sa ikalawang buhay.

Kung pag-iisipan at gunamgunamin sa sarili nating lakas at diwa'y di natin madadala ang ganitong pasan, palibhasa nga'y di nananala sa atin ang pagsampalataya sa isang Dios na totoo, at siyang tangi, natin at ang mag-Inang Virgen sa oras-oras, lalung-lalo na nga sa panahong itong tayo'y may kinakaaway. Kaya napagwawari natin ang lubos niyang pagtulong at pag-aadya sa ating mga Tagalog, at binibigyan naman tayo ng katapangan upang magtagumpay at maipasanggalang natin ang katwiran. Kaya nga walang kinatata-yuan ang Kastilang hindi natin nalulupig; nariyan ang Kabite, ang

Batangan (Batangas) at iba't iba pang Provincias na walang magawa ang mga Kastila at di na malaon na ating matatamo rin naman dito sa Tayabas.

Sa una pa mang panahon ay natatalastasan natin na alin mang kaharian na lumalabas sa P. Dios ay karakara'y pinahahatdan ng parusang nauukol, alin mang kahariang umapi sa kanyang sakop ay pagdaka'y sumisipot ang kanyang taga-pagtanggol sa bayang tigib ng kaapihan. Paris nga ng si Moises ay siyang magtanggol sa bayang Israel sa kaalipinan at kaapihang ginawa ni Faraon, at ngayon naman dito sa Tinubuang lupa ay ang Kagalangalang nating Presidente na si D. Emilio Aguinaldo o kaya ang namamahala ng Gobierno Revolucionario na sila'y binigyan yata ng Dios ng kapangyarihan upang matubos tayo sa kaalipinan ng Kastila.

Dapat nga tayong magkaisang-loob, pawiin ang paghihiganti, at yayamang tayo'y marami ng mga kapatid na humaharap sa digma, ay tulungan natin sila sa anomang kailangan ng masaganang paglingap, damayan natin sila sa kabuhayan, dalawin ang mga may sakit, at gayon din kung mamatay ay ariin nating isa sa minamahal na kamag-anak, at kaawaan natin ang kanilang mga magulang upang mapagtiisan ang pagka-ulila sa kanyang anak sapagkat ito'y sa ipinag-uutos ng Santong dasalan. Sa ganito naman ay ipinakikilala natin sa kalahatan na tayo'y may tunay na Religion.

Lucena, 2 de Agosto de 1898  
Fausta Labrador (Dery 2006, 48-49).

Kung sa Tayabas ay mayroon silang Fausta Labrador, sa lalawigan naman ng Kabite ay kilala ang rebolusyonarya at Katipunerang si Ginang Alejandra Nocon o mas kilala sa tawag na "Matandang Anday." Siya ay nanay ng Katipunerong si Santos Nocon. Ipinamalas niya ang kanyang kabayanihan sa pakikipagdigma kasama ang kanyang anak. Sa katunayan, inilarawan ng Katipunerong si Santiago Alvarez ang katapangan ni Nocon. Ani niya:

At si ginang Alejandra, bao ni Nocon, sa tawag na Matandang Anday, may mahigit na limampung taong gulang noong 1896, sa kanyang napakasidhing pag-ibig, at pagtulong sa himagsikan upang matamo ang kalayaan, at bukas ang pusong naghahandog ng kanyang kabuhayan, sa pangangailangan ng mga nagtatanggol ng kalayaan, at sa lahat ng labanan ay biglang sumipot sa piling ng mga kawal ng bayan, kandong ang maraming batong buhay na pamukol, may bitin sa bigkis ng baywang na isang gulok at isang balaraw na matalas, mga sandatang sadya niyang pananggol sa pagmimithing siya'y mapalaban din; bukod sa bagay na ito may dala ring isang supot na arina ng

trigo, laging puno ng tinapay at itinataan sa mga kawal na aabutin ng gutom (Camagay 1996; 6-7; Camagay 1998, 64).

Dumating din ang samahan ng Katipunan sa tangway ng Kabikolan. Maliban sa pagiging pinakamayaman na lalawigan noong dantaon 20, kilala rin ang kababaihang “oragon” ng Kabikolan sa lalawigan ng Albay (Owen 1982, 191). Naging katuwang sila ng mga rebolusyonaryong Bikolano sa pangangalap ng mga pondo na gagamitin sa mga pandigma. Sa Camarines Sur, binuo ng kababaihang taga-Albay ang *Comision de Adquisicion*. Ang mga kasapi ng samahan ay naging miyembro rin ng Katipunan. Kilala ang kababaihang taga-Albay na sina Aniceta de Torre, Julia Orense, Maria Orense, Maria Gonzalez, Manuela Imperial, Basilia Militante, Carolina Imperial, Angela de Ramos, Paz Ramos, Bienvenida Maestra, Anatolia de Layog, at Maria de la Torre; mula sa bayan ng Cagsaua na sina Julia Anzon de Locsin, Magdalena Locsin, Simeona Anzon de Jaucian, Cecilia Jaucian, Restituta Luna de Jaucian, Concepcion Imperial, Regina de Lorayes, Teofista Segobia, Delfina Thomas, Eliza Thomas, at Mathilde Thomas; at ang mga taga-Legazpi na sina Elena Thomas, Vicenta Santos, Rosa del Rosario, Teofila del Rosario, Mameng de Severo, Feliza Imperial, at Paz Imperial (Dery 2001, 86). Nakalikom sila ng 1,301 na piso at nakagawa ng 25, 008 bilang ng mga sinamay na ginagawang damit ng mga rebolusyonaryo (Dery 2001, 86).

### *Ang Katipunan ng Kababaihan sa Bisayas*

Kung tatasahin, isang malawakang pag-aaklas ang ginawa ng Katipunan. Mula Luzon, nakarating ito sa mga lalawigan ng Kabisayaan. Sa madaling salita, ang pambansang kilusan ng Katipunan ay lumabas mula sa Luzon. Isang magandang halimbawa nito ang pagkakatatag ng samahan sa lalawigan ng Capiz.<sup>20</sup> Naging malawak ang pakikibaka ng mga Katipunero sa Capiz.<sup>21</sup> Hindi nagpahuli ang kababaihan sa pakikipaglaban lalo pa't kadikit na ng mga Bisaya ang katangian ng pagiging matapang at walang inuurungang mga laban.

Sa hanay ng kababaihang Bisaya, kilalang kilala si Teresa Magbanua y Ferraris, maybahay ni Alejandro Balderas. Siya ang kaisa-isang babaeng rebolusyonaryong mula Pototan, Iloilo at sabihin pang kauna-unahang babae sa Panay na lumaban sa mga Español at isa sa mga nagpasimula ng labanan sa Pilar, Capiz (NHI 1994a, 87; Hilario Soriano 1995a; Serag 1997, 266). Isang napakatapang na babae si Teresa Magbanua. Tunay na humanga sa kanya ang mga Bisayang Katipunero. Dalawa sa kanyang mga kapatid ay naging kasapi ng Katipunan: Pascual Magbanua at Elias Magbanua (NHI 1994a, 87). Sa katunayan, dahil sa pagkapanalo ni Magbanua sa Pilar, Capiz, nakipag-isa ang sangay ng Katipunan sa Antique na pinamumunuan ni Heneral Leandro Fullon kasama sina Angel Salazar, Santos Capadocia, Anacleto Villavert Jimenez, Jose Fontanilla, Anselmo Alicante, at Vicente Gella

(Serag 1997, 268). Buong tapang na nakipaglaban si Teresa Magbanua hanggang sa madakip siya ng mga Español sa garison ng Sapon Hill sa Sara, Iloilo kasabay ng kanyang tiyuhing si Heneral Perfecto Poblador na kapwa nadakip din sa bayan ng Concepcion (Sta. Romana-Cruz 1998, 169).

Kilala rin sa Burongan (ngayo'y Jaguimit), Dueñas, Iloilo ang Katipunerang Bisaya na si Nazaria Lagos y Labrillas sa kanyang kabayanihang ipinamalas sa Panay (Doromal 1995a, 67; Zaide at Zaide 2004, 120). Asawa siya ng Katipunerong si Segundo Lagos. Isa siyang ulirang nars ng mga sugatang Pilipino noong himagsikan sa Kabisayaan laban sa mga Español (NHI 1994b, 83; Reguindin-Estella 2014, 261). Naging aktibo siya sa Katipunan sa Bisaya mula 1896 hanggang 1897. May mga talang siya ang tumahi ng bandilang Pilipino na iwinagayway sa Dueñas, Iloilo noong anibersaryo ng kasarinlan noong Hunyo 12, 1899 (NHI 1994b, 83).

Hindi naman nalalayo sa bayan ng Dueñas ang Jaro kung saan naging tanyag ang Katipunerang si Patrocinia (sa iba'y Patrocinio) Gamboa y Villareal o mas kilala sa tawag na "Tia Patron" sa pagtatahi niya ng bandila ng mga rebeldeng Bisaya at pagbibigay ng pera at gamot sa mga mandirigmang Pilipino kung kaya't tinawag siya bilang *Heroine of Jaro* (Doromal 1995b; Zaide at Zaide 2004, 120). Mahalaga ang watawat na tinahi ni Gamboa sapagkat simbolo ito ng kagitingan ng Bisaya. Dahil sa lumalalang pag-aalsa ng mga Ilonggo at sa ilang lalawigan ng Bisaya, napilitan si Gobernador-Heneral Diego de los Rios y Nicolau na lisanin ang Maynila at tumungo sa Iloilo noong Mayo 18, 1898 hanggang Disyembre 24, 1898 kung kailan naghalal siya ng mga miyembro ng konseho para sa reporma. Ang ilan sa kanila ay sina Victorino Mapa, Vinancio Concepcion, Raymundo Melliza, Fernando Salas, Jovito Jusay, at Jose Zaldarriaga (Serag 1997, 269; Madrid 2012, 79). Ang itinatag na konseho ni de los Rios ay balewala at walang halaga sapagkat ang mga halal ay mga rebolusyonaryong Katipunero. Kung kaya't sa halip na itatag ang *Federal State* ng Bisaya na katulad ng ipinag-utos ni de los Rios, nagtungo sila sa Sta. Barbara, Iloilo noong Nobyembre 17, 1898 upang iwagayway ang watawat na tinahi ni Patrocinia Gamboa (Serag 1997, 269). Buong tapang na pinuslit ni Tia Patron ang bandila patungong Sta. Barbara para ibigay kay Martin Delgado. Mahirap ang gawaing ito dahil mahigpit ang inspeksyon sa mga Pilipinong daraan o tatawid sa Sta. Barbara. Agad na pinapatay ang mga nahuhuling rebolusyonaryo. Sa pagkakataong ito, upang maitawid ang watawat, itinago ni Tia Patron ang bandila sa loob ng kanyang *patadyong* at nagpanggap na kutsero ang batang Katipunero na si Honorio Solinap. Nang tumawid sila papuntang Sta. Barbara, nagpanggap na nagagalit sa kutsero si Tia Patron, kinukurot niya ito at nilalait. Sa halip na inspeksyunin sila, natawa na lamang ang awtoridad. Nakapuslit ang tinahi niyang bandila (Chua 2013b). Ayon kay Michael Charleston Chua (2013b), palihim niyang binabasa ang mga nobela ni Jose Rizal at mga sulatin ng Ilonggong orador na si Graciano Lopez Jaena. Maliban sa mga Bisayang Katipunerang nabanggit sa itaas, naitala rin sa kasaysayan si Rosario Lopez na isang mayamang

hasendera sa Negros na nagbigay ng mga armas pandigma at ilang pagkain sa mga Katipunero. Sa katunayan, kailangang mabatid ang mga hindi kilalang pangalan ng Katipunerang babae sa Bisaya na naging kasapi ng rebolusyon nang sa gayo'y makilala sila nang lubusan sa kasaysayan at kalauna'y maitala ang kanilang buhay.

Matapos maitala ang ilang naging ambag ng kababaihan ng Katipunan sa iba't ibang panig ng kapuluan, nalamang marami pa palang katauhan ang dapat saliksiking may kaugnayan sa Katipunan. Sa kabilang banda, kahit ipagpalagay na nating naisulat na sa isang aklat ang kumpletong pangalan ng Katipunerang nakipaglaban sa ngalan ng kalayaan, hindi makakailang kahit na sa mga literatura at kasulatan ay naging tampok din ang kababaihan. Sa pangkabuuang pagwawangis, ang kababaihan ng Katipunan ay kakambal ng *Inang Bayan*. Kung kaya't sa bahaging ito, gugunamin ang mga pananaw ng Katipunan sa kababaihan gamit ng kanilang mga gawang panliteratura at ilang aral.

#### ANG "KABABAIHAN" SA MGA ARAL NG KATIPUNAN

Mahihinuha kay Bonifacio at sa Katipunan ang pagpapahalaga nito at mataas na pagkilala sa kababaihan nang palutangin ng Supremo ang konsepto ng *Inang Bayan*. Ayon kay Angelito Nunag (2014), ang konsepto ng "anak ng bayan" ay nakaugnay sa konsepto ng "Inang Bayan" (Nunag 2014, 103). Ginamit ang termino bilang distinksyon ng *Katagalugan* sa Madre España. Isa rin itong personipikasyon sa *Inang Bayan* na siyang magluluwal sa mga sinasabing *Anak ng Bayan*. Samakatwid, tila бага mayroong pusod na nagdudugtong sa pagitan ng ina at kanyang mga anak upang kilalanin nila ang bawat isa bilang lehitimong karelasyon. Malinaw rito na ang "Ina" ay hindi gagawa ng karumaldumal na bagay sa kanyang mga anak at mamahalin niya ito hanggang sa kanyang kamatayan. Gayundin naman ang mga "Anak" na dapat kumilala sa kadakilaan ng isang "Ina." Ergo, sa pagkakataong ito, marapat na tawagin ang España bilang isang "mapagpanggap na Ina" o "nag-aangking Ina" (Nunag 2014, 103). Dahil ang kanilang mga gawi ay taliwas sa mga dapat ipakita ng isang mabuting ina. Ehemplong España sa kataksilan at pagmamalabis. Kung kaya't sinikap ng Katipunan ni Bonifacio ang humiwalay ang mga "Anak ng Bayan" sa "Huwad na Ina" at itatag ang bagong kaayusan ng Bayang Katagalugan bilang isang sosyo-pulitikal-kultural na tahanan ng mga taong "tumubo" sa sangkapuluan na mayroong banal, kapuri-puri, at marangal na hangarin para sa bayan (Chua 2014, 79; Nunag 2014, 97). Ang mga "tumubo" ay ang mga Tagalog na ayon sa Katipunan ay mga taong isinilang sa arkipelago at sangkapuluan (Ocampo 2009, 295-296). Sa katunayan, ipinahayag noong 1896 ng magkapatid na Procopio at Andres sa kanilang tula ang paghihiwalay nina Kristo na Anak (Pilipinas) at Birhen Maria (Inang España). Ganito ang nilalaman ng tula:



O inang Espanya, humihinging tawad/kaming Pilipino na iyong anak/panahon na dumating na magkatiwatalag/sa di mo pagtupad, masamang lingap (Ileto 1998, 54).

Mababanaag sa bahagi ng tula ang nais na paghihiwalay ng mga Anak ng Bayan sa Inang España o ang “nag-aangking Ina.” Ipinapaliwanag ni Reynalto Ileto (1998, 48, 54), na ang mapagpabayang Madre España ay hindi talaga tumatayo bilang Inang Maria na tunay na modelo at mapag-aruga sa kanyang anak na si Kristo na taliwas sa mga katuruan ng simbahan sa *Pasyon* na ang pagtutulad kay Kristo at sa mga Anak ng Bayan bilang “Anak ni Maria” (Anak ng España). Kinakailangang tularan ng mga Anak ng Bayan si Kristo na nag-alay ng buhay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Kung kaya’t itinuturo rin ng mga Español na katulad ni Kristo, ang mga Anak ng Bayan din ay mag-alay ng kanilang buhay sa ngalan ng kanyang Inang Bayan (Inang España o “nag-aangking Ina”). Ang paggising ng kamalayan ng mga Anak ng Bayan ay makikita sa bahagi ng isang tula ng Supremong si Bonifacio:

Lakad, aba tayo, titigisa ang hirap/tunguhin ang bundok kaluwangan ng gubat/gamitin ang gulok at sampu ang sibat/ipagtanggol ngayong Inang Pilipinas (Ileto 1998, 54).

Kung gayon, lehitimo ang pagkakaugnay ni Bonifacio sa “Inang Bayan” sa kababaihan ng Katipunan. Binansagan din niyang “Inang Bayang Tinubuan” ang “Inang Bayan” (Guillermo *et al.* 1998, 97). Mababanaag dito ang pagpapahalaga ni Bonifacio sa mga *Ina* ng bawat mag-anak bilang matibay na pundasyon ng lipunang Katagalugan. Malaki ang pagtingin ng Supremo sa mga babaeng kasapi ng Katipunan kung kaya’t binuo niya ang sangay na para sa kanila. Gayundin, kung titingnan ang pamosong tula ng Supremo na “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa,” mahihinuhang ang kabuuang daluyan ng bawat taludtod ay sumesentro sa kahalagahan ng isang ina (babaeng) bilang pundasyon ng mag-anak (Bayang Katagalugan). Ergo, tumutugma ang mga katangian ng isang “Tunay na Ina” (Katagalugan) at “Huwad na Ina” (Espanya) na binabanggit ni Nunag (2014, 103) sa kanyang pag-aaral.

Sa katunayan, makikita rin ito sa tulang “Katapusang Hibik ng Filipinas” ng Supremo. Mababanaag na gumamit ang Ina bilang konotasyon sa Bayang Katagalugan at tinukoy naman ang Espanyang bilang “huwad na Ina.” Ito ang kabuuan ng kanyang tula:

Sumikat na Ina sa sinisilangan  
Ang araw ng poot ng Katagalugan,  
Tatlong daang taong aming iniingatan  
Sa dagat ng dusa ng karalitaan

Sarisaring silo sa ami’y inisip  
Kasabay ang utos tutuparing pilit;  
May sa alumbrado bayad kami’y tikis  
Kahit isang ilaw ay walang masilip

Walang sinuway kaming iyong anak  
Sa bagyong masasal ng dalita't hirap,  
Lisa ang puso nitong Filipinas  
At ikaw ay **di na Ina naming lahat.**

Sa kapuwa **ina'y** wala kang kaparis  
Ang layaw ng anak dalita't pasakit;  
Pag nagpatirapang sa iyo'y humibik  
Lunas na gamut mo ay kasakit-sakit

Gapusing mahigpit ang mga Tagalog,  
Hinain sa sikad, kulata, at suntok  
Makinahi't biting parang isang hayop  
Ito baga, **Ina**, ang iyong pag-irog?

Ipabilanggo mo't sa dagat itapon,  
Barilin, lasunin nang kami'y malipol,  
Sa aming Tagalog ito baga'y hatol,  
**Inang mahabagin**, sa lahat ng kampon?

Aming tinitiiis hanggang sa mamatay,  
Bangkay nang mistula ayaw pang tigilan,  
Kaya kung ihulog sa mga libingan  
Linsad na ang buto't lamuray ang laman.

Wala nang namana itong Filipinas  
Na layaw sa **Ina** kundi nga ang hirap;  
Tiis ay pasulong, patente'y nagkalat,  
Rekargo't imp'westo'y nagsala-salabat

Ang lupa at bahay na tinatahanan,  
Bukid at tubigang kalawak-lawakan  
At gayundin naman mga halamanan  
Sa paring Kastila ay binubuwisan

Bukod pa sa rito'y maraming pang iba,  
Huwag nang saysayin, O **Inang** Espanya!  
Sunod kaming lahat hanggang may hininga  
Tagalog di'y siyang minamasama pa.

Ikaw nga O **Inang** pabaya't sukaban,  
Kami'y di na iyo saanman humanggan,  
Ihanda mo, Ina, ang paglilibingan  
Sa mawawakawak na maraming bangkay.

Sa sangmaliwanag ngayon ay sasabog  
Ang balarila't kanyong katulad ay kulog;  
Ang sigwang masasal ng dugong aagos  
Ng kanilang bala na nagpapamook

Di na kailangan ng Espanya'ng awa  
Ng mga Tagalog, O! **Inang** kuhila;  
Paraiso naming ang kami'y mapuks  
At langit mo naman kung kami'y madusta

Paalam na, **Ina**, itong Filipinas,  
Paalam na, **Ina**, itong nasa harap;  
Paalam, paalam, **Inang walang habag**,  
Paalam na ngayon, katapusang tawag  
(Bonifacio 1896a) (akin ang diin).

Mapapansing ilang beses binanggit sa tula ang salitang "Ina." Sa hanay ng mabubuting Ina o ang tinawag niyang "Pilipinas," mababanaag na ang katangian ng isang tunay na ina ay makikita sa ilang taludtod katulad ng "sumikat na ina sa sinisilangan..." "Sa kapuwa ina'y wala kang kaparis..." Ipinapalagay itong naiangat ang pedestal ng mabubuting Ina na dapat kilalanin ng mga Anak ng Bayan. Sa kabilang banda, tinawag din ni Bonifacio ang mga Español bilang ina. Makikitang palasak at *sarcasm* ang pagkakabansag niya sa ina sa ilang deskripsyon katulad ng "pabaya't sukaban," "kuhila" (traydor), at "walang habag." Sa ganang ito, inilagay ni Bonifacio ang kababaihan sa larawan ng isang mabubuting ina.

Kilala rin ang isa pang tula ni Bonifacio na pinamagatang “Ang mga Cazadores.” Sa bahaging ito, binigyan niya rin ng pagpapakahulugan ang diwa ng isang babae. Makikita ang ganitong bahagi:

Sa mga babae na matatagpuan  
Mga unang bati’y ang gawang mahalay;  
Kamuntik man lamang di nagpipitagan  
Sa puring malinis na iniingatan (Bonifacio 1896b).

Naiugnay ni Bonifacio sa kanyang tulang “Ang mga Cazadores” na dapat igalang ang babae, huwag babastusin o hahalayin, at panatilihing marangal ang pagkatao ng bawat isa. Kakikitaan ito ng mayabong na pagpapahalaga sa babae. Obligasyon ng mga Katipunero na protektahan ang kanilang mga asawa. Kapwa lalaki at babae ang dapat mag-angat at mag-ingat sa puri.

Maging ang bayaning si Apolinario Mabini ay malaki ang pagkilala sa imahen ng kababaihan. Ayon kay Camagay (1996, 2-3), naipaliwanag ni Mabini ang konsepto ng kababaihan sa kanyang *Ang Himagsikan ng Bayang Pilipino*. Hindi dapat sinasamantala ang kahinaan ng kababaihan at dapat na igalang at idambana ang kanilang imahen sa harap ng maraming Pilipino at lalo na sa mga dayuhang bumubusabos sa pagkatao ng mga babae. Ito ang sinulat ni Mabini sa kanyang akda:

Hindi ko mawawakasan ang mga haka-hakang ito nang di ipinahahayag muna sa aking mga kababayan, ang malaking sama ng loob na tinataglay ko tuwing makakabalita ng mga panggagahasa ng ating mga kawal sa ating mga babaing kalahi. Tunay nga’t ito’y mangilan-ngilan lamang na totoong mahirap iwasan kung panahon ng gulo at ng paglalaban-laban ngunit natitiyak ko na di na sana naulit ang unang pangyayari kung sinugpo lamang kaagad ng buong higpit at walang pakupakundangan ng mga pinunong di sukat magparaan ng gayong mga pananampalasan. Paano natin maipagagalang sa dayuhan ang ating mga babae kung tayo na rin ang nagbibigay ng masamang halimbawa sa di pagpipitagan sa kanila? Maaari kayang mahintay natin na ang Pilipino’y igalang, kungdi iginagalang ang ating mga babae? Sa matandang kasaysayan ng mga unang bansa ay isa na sa mga kinikilalang malaking kabanalan ng isang maginoong matapang at may dangal ang paggalang sa babae, pagka’t ang ugaling kumandili sa kapurihan at buhay ng isang mahina ay nagpapakilala ng kalakhan ng puso at kadakilaan ng kaluluwa. At dapat mabatid na ang kabanalang ito’y hindi lamang isang hamak na pangangailangan ng panahong yaon ng romantismo kungdi isa sa malaking pangangailangan sa buhay ng mga bayan, sapagkat kung ang babai’y lagi nang pinagpipitaganan sa loob ng

kalipunang kinabibilangan niya, ay madali niyang makapagaankin ng ugaling marangal at karapat-dapat, na kung manahin ng mga anak, ay magtatanim sa budhi ng mga ito ng katapangan at katibayang-loob para sa malalaking panukala, at sa mga gawaing kabayanihan (Camagay 1996, 2-3).

Mababakas dito na tila baga nangangaral si Mabini sa lupon ng kalalakihan na sila aniya'y mayroong pananagutan at responsibilidad sa kababaihan. Malaki ang kaugnayan ng pahayag na ito ni Mabini sa pagsasakonsepto niya ng kalayaan. Ang paggalang at pagpapahalaga sa respeto ay mahahalagang salik sa pagkamtan ng tunay na kalayaan. Sinasabi niyang magsisimula ang kalayaan sa sarili at pagpapahalaga sa kapwa lalo na sa kababaihan. Aniya, ang tunay na kalayaan ay para lamang sa mabubuting tao at hindi kailanman para sa mga masasama (Majul 1960, 248). Katulad ng tulang "Ang mga Cazadores" ni Bonifacio, maaari rin itong ituring na aral pang-etika ng mga kasapi ng Katipunan dahil itinuturo nito ang paggalang sa kababaihan. Ani niya, dapat iwaksi ang mapagsamantalang hangarin ng isip na gumawa ng masama laban sa kababaihan. Tila baga ipinahihiwatig lamang na kung ano ang ayaw mong gawin ng mga Español sa mga babaeng Pilipino ay tayo (mga Pilipino) na mismo ang unang huwag gumawa sa ating kababaihan ng mararahas na gawain.

Maliban sa mga liham at tulang naisulat ng mga Katipunero, mahalagang gunamin ang mga dekalogo bilang salalayan ng magandang pagtingin ng Katipunan sa kababaihan. Kakikitaan ng mga aral ng rebolusyon ang mga dekalogong sinulat nina Bonifacio, Emilio Jacinto, at de Jesus. Ito ay hinggil sa pagpapabuti ng sarili, bayan, at higit sa lahat, ang pagmamahal at pagpapahalaga sa dangal ng kababaihan. Ang mga sinasabing dekalogo ng Katipunan ay ang *Katungkulang Gagawin ng mga Z. Ll. B.* ni Bonifacio; *Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B.* ni Jacinto; at *Sampung Tagubilin sa mga Kabataan* ni de Jesus. Sa pagtatasa, naglalaman ang mga dekalogo ng mga Katipunerong ito ng walang kamatayang payo sa lahat ng "tumubo" sa Bayang Katagalugan. Kung susuriin, nabigyang-halaga ng mga dekalogong ito ang mga gampanin ng lalaki sa kababaihan, imahen ng kababaihan sa harap ng asawa, at ang walang tumbas nitong gampanin sa isang "mag-anak."

Mababakas sa dekalogo ni Bonifacio, ang *Katungkulang Gagawin ng mga Z. Ll. B.* (Anak ng Bayan) ang mahigpit na tungkulin ng lalaki sa bawat katipang babae. Isa sa mga katangiang dapat pagyamanin ng asawang lalaki ay ang kasipagan. Malinaw na binigyang-pagpapahalaga ni Bonifacio ang kasipagan dahil ito ang magdadala sa tinatawag na *kaginhawaan*. Ipinag-utos ng Supremo sa bawat kasapi ng Katipunan na maging masipag sa anumang gawain lalo na kung ito ay para sa bayan at lalo na sa pamilya. Ani niya sa ika-siyam na tagubilin:

Ang kasipagan sa paghahanap-buhay ay siyang tunay na pagmamahal sa sarili, **sa asawa**, anak at kapatid o kabayan (Bonifacio 1896c) (akin ang diin).

Makikita rin ang ganitong konsepto ni Bonifacio sa dekalogo ni Jacinto na *Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B.* (Anak ng Bayan). Makikita ang mga tagubilin ni Jacinto sa mga Katipunero na pahalagahan ang kababaihan sa pamamagitan ng mga gabay. Ayon sa kanya, ang mga babae ay katuwang ng kalalakihan sa hirap ng buhay (Andaya 2001, 17). Sa ganang ito, malinaw na ipinamamalay ni Jacinto na may responsibilidad ang lalaki sa pagmamagulang. Ani niya sa ika-sampung tagubilin:

Sa daang matinik ng kabuhayan, lalaki ay siyang patnugot ng **asawa't** mga anak; kung ang umaakay ay tungo sa sama, ang patutungu-han ng inaakay ay kasamaan din (Jacinto 1896) (akin ang diin).

Sa madaling salita, ang parehong dekalogong sinulat nina Bonifacio at Jacinto ay pangunahin para sa mga lalaking tagapakinig at mambabasa. Kahit hindi tahasang pinaririrangan ang mga babae sa parehong dekalogo, mauulinigan ang payong dapat alagaan nang lubos ang mga babae. Kung sisipatin naman ang dalawang huling kautusan sa dekalogo ni Jacinto, dito makikita ang matinding kautusan sa mga Katipunero hinggil sa kanilang mga asawa. Binibigyang-halaga rito ang paggalang, damayan, pagtutuwang, pagiging patas, at mataas na pagtingin sa mga ina. Matindi ang pagkakasabi sa kadahilanang tahasan at mandatoryo itong gagawin ng kalalakihang Katipunero para sa kani-kanilang asawa. Ayon kay Jacinto:

XI. Ang babae ay huwag mong tingnang isang bagay na libangan lamang kundi isang katuwang at karamay sa mga kahirapan nitong kabuhayan; gamitin mo nang buong pagpipitagan ang kanyang kahinaan at alalahanin ang inang pinagbuhata't nag-iwi sa iyong kasanggulan.

XII. Ang di mo ibig gawin sa asawa mo, anak at kapatid ay huwag mong gagawin sa asawa, anak at kapatid ng iba (Jacinto 1896).

Kung susuriing mabuti, ang mga pahayag ni Jacinto ay halos walang kaibahan sa naunang payong isinatitik ni Rizal sa mga kadalagahan ng Malolos noong 1889. Patunay lamang na tiningnan ng Katipunan ang kababaihan bilang kapantay nito dahil sa mga oportunidad na binuksan ng samahan para sa mga ito.

Malinaw na ang mga dekalogong sinulat nina Bonifacio at Jacinto ay para sa kalalakihan. Samantala, may dekalogong sinulat ang isang babae. Makikita sa akda ni de Jesus na



“Mga Tala ng Aking Buhay” ang isa pang akdang kabahagi nito. Sinulat niya ang kanyang “Sampung Tagubilin sa mga Kabataan.” Binubuo ito ng:

1. Igalang at mahalín ang magulang pagka’t ito ang pangalawang Dios sa lupa.
2. Alalahanin tuwina ang mga banal na aral ng mga bayani na nasawi dahil sa pag-ibig sa bayan.
3. Huwag mag-aksaya ng panahon ng di maparisan.
4. Pagsikapang magkaroon ng anomang karunungan na tumutugon sa kanyang hilig upang pakinabangan ng bayan.
5. Ang kabaitan ay alalahaning isang malaking kayamanan.
6. Igalang ang mga gurong nagpapamulat ng isip pagka’t kung utang sa magulang ang pagiging tao ay utang naman sa nagturo ang pagpapakatao.
7. Iligtas ang api sa panganib.
8. Matakot sa kasaysayan pagka’t walang lihim na di nahahayag.
9. Kapag napag-ingatan ang kasamaan ay doon manggagaling ang malaking karangalan.
10. Sikapin ang ikapagkakaisa ng lahat at ika-uunlad ng bayan upang huwag magkaroon ng sagabal ang kasarinlan (de Jesus 1928b; Gealogo 2013, 152; Jose at Navarro 2014, 63-64).

Sa pamamagitan ng dekalogong ito ni de Jesus, pinatunayan lamang niya na ang boses ng isang “Ina” ay makapangyarihan sa harap ng mga Anak ng Bayan ng Katipunan. Malinaw na noon pa lamang, inugat na mismo ni Bonifacio ang “Ina” at “Inang Bayan” sa kanyang samahan. Samakatwid, ang dekalogo ni de Jesus ay naging larawan at gabay ng mga Katipunero’t Katipunera, bata man o matanda sa pangaraw-araw nilang pamumuhay at pakikibaka sa mga Español. Isa pa, sa pamamagitan ng dekalogo, naitayo ng kababaihan ang kanilang mga aral bilang salalayan ng kabataang dapat naman kumilala sa kanilang kagitingan.

### **POSTSCRIPT: ANG KABABAIHAN SA PANAHONG POST-KATIPUNAN**

Tunay ngang nabuwag ang Katipunan bilang samahan bago pumasok ang dantaon 20. Marami sa mga kasaping babae ang ipinapatay, ibinilanggo, at naipatapon ngunit hindi makakailang nag-iwan ito ng malaking bakas sa mga sumunod na katauhan at panahon. Ang mga aral ng Katipunan ang naging daan at salalayan ng mga sumunod na kilusang bayan at digmaang bayan na kinasangkutan din ng kababaihan. Sa pagsilip sa ilang yugto ng mahabang kasaysayan ng kilusang kababaihan, mababanaag na lumawak ang gampanin ng isang babae sa lipunang kolonyal. Mula sa pagiging biktima ng mga mapanikil na sistema at batas ng mga Español, nagkaroon sila ng pagnanais na lumihis ng

landas at daanin ang “usapin ng pagbabago” sa mga rebolusyong kontra-kolonisasyon. Upang maisakatuparan ang nais na reporma, bumuo ang kababaihan ng mga samahan o organisasyon na bumubuwag sa mga hindi tuwid na batas pangkababaihan. Hindi lingid sa ating kaalamang sapul pa noong panahon ng mga Español, laging karamay ng mga mandirigmang Pilipino ang kababaihan (karamihan sa kanila’y asawa). Kung minsan pa nga, isinusunod ang mga babae sa Diyos. Ayon kay Luis Camara Dery (2012, 51), sinabi ni Pedro Paterno na ang kababaihan daw ay kasunod ng Diyos o *despues de Dios es la mujer*.

Sa bahaging ito, titingnan ang panahon ng transisyon mula sa pakikibaka ng kababaihan mula sa panahon ng mga Español tungo sa panahon ng mga makabagong kolonyalista at imperyalista. Ang sinasabing panahon ang tinatawag sa kasaysayan bilang panahon matapos ang Katipunan o post-Katipunan. Tatalakayin sa bahaging ito ang pagkakabuo ng *Junta de la Cruz Roja*, *Asociacion Feminista Filipina*, at pakikisangkot ng kababaihan sa mga kilusang bayan katulad ng Sakdalismo, Colorum, at maging Bandolerismo.

Nagpatuloy ang pagnanais ng kababaihang ito sa layuning maging bahagi ng mga digmaan nang pumasok ang puwersa ng mga Amerikano sa Pilipinas. Sa panahon ng mga Amerikano, inilipat ni Aguinaldo ang kabisera sa Malolos at doon din binuksan ang unang Kongreso noong 1898. Dalawang linggo pa lamang ang nakalilipas, sumiklab na ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Maraming nasawi at nawalan ng pamilya sa mga digmaang naganap. Agad na kumilos ang kanyang asawang si Hilaria del Rosario upang itatag ang unang Katipunan ng mga babaeng *Filantropica de la Cruz Roja* (kilala rin bilang *Junta de la Cruz Roja*, *Junta de Damas de la Cruz Roja*, o *Junta Caritativa*) partikular sa Gitnang Luzon na ang mga tanging layo’y magkawanggawa, mangalap ng pondo, at manggamot ng mga sugatang sundalo (Camagay 1998, 56; Mactal 1999, 14-15).<sup>22</sup> Makikitang ang mga kasapi ay dinodominahan ng mga kabilang sa gitnang uri ng lipunan. Marami sa kanila’y binuksan ang kanilang tahanan upang arugain ang mga sundalong Pilipino. Sa Cavite, kilala si Felicidad Aguinaldo (kapatid ni Emilio) at sina Macaria Geronimo at Trinidad Famy (ina ni Aguinaldo) sa pagbubukas ng kanilang kamalig upang magbigay ng libreng bigas (Camagay 1998, 62-63). Tanyag naman sa Taal, Batangas si Doña Gliceria Marella Villavicencio na binansagang *Pangkalahatang Patron ng Hukbong Sandatahan Rebolusyonaryo* ni Aguinaldo at nagtatag ng samahang *Maluya*. Nagbigay si Villavicencio ng isang barkong tinawag na “Bulusan” na ginamit ng pamahalaan upang magpadala ng sundalo sa Bisayas (NHI 1993c, 215; Camagay 1998, 62). Sa Cebu naman, may mayayamang kababaihang *media clase* ang nagbigay ng suporta sa mga nagsipag-alsang *empleados/escritientes* at *principales* noong Abril 3, 1898 lalong lalo na sa bayan ng San Nicolas (Cullinane 2003, 198).<sup>23</sup> Nariyan si Constanca Alaura ng Cebu City at sina Paulina Padilla y Lopez at Juliana Revillas ng San Nicolas, Cebu. Binuksan nila ang kanilang mga *hacienda* para may matuluyan ang mga sundalo at nagbigay din sila ng mga polyeto na naglalaman ng mga subersibo at kontra-kolonyalistang mga pahayag

(Cullinane 2014, 97, 139-140). Nagpatuloy ang ganitong pakikibaka hanggang sa madakip si Aguinaldo sa Palanan, Isabela noong 1901.

Pagkadakip kay Aguinaldo, sumuko na rin ang ilang heneral at naglaho ang Republika na kailan lamang ay naitatag sa Malolos. Sa bahaging ito, mapapansing nahati ang landas at tunguhin ng kababaihan pagkatapos ng pagkakadakip kay Aguinaldo at ilang heneral. Dalawa ang nakikitang hati ng may-akda: (1) pagpapatuloy ng mga organisasyong pangkababaihan hinggil sa karapatan at (2) tahasang pakikisangkot sa mga digmaang bayan. Para sa unang hati, makikita pa ring umiigting ang damdamin ng kababaihan na ipaglaban ang kanilang mga karapatang sibil. Noong 1905, itinatag ni Doña Concepcion Felix de Calderon ang *Asociacion Feminista Filipina* na itinuring bilang “*Ina ng lahat*” ng mga organisasyong pangkababaihan sa buong bansa. Kasama niya sina Trinidad Rizal (Kalihim), Clemencia Lopez, Bonifacia Delgado de Barreto (Ingat-Yaman), Maria Arevalo, Sofia Reyes, Helen Wilson, Paz Natividad de Zulueta, Maria de Villamor, Teresa Solis, Agueda Paterno, at Jacoba Paterno (NHI 1999a, 109). Nagkaroon ito ng maraming sangay sa iba’t ibang bayan (Tiongson 2004, 203). Sa katunayan, 264 ang naging kasapi ng samahan sa Malolos, Bulacan. Ito ang maituturing na pinakamalaking *comite local* ng samahan sa buong bansa kung saan nilahukan din ng sampung babae mula sa kadalagahan ng Malolos. Naging kasapi rin dito ang ilang kapatid na babae ni Rizal na sina Narcisa, Trinidad, Saturnina, at Josefa. Layunin ng samahan ang mga sumusunod: (1) pagbabago sa pagtrato sa mga babae, mga bata, at maging mga bilanggo; (2) pagsasaayos ng karapatan ng mga manggagawa; (3) pagpapaunlad ng edukasyon sa kababaihan; (4) pagsupil sa hindi magandang gawain katulad ng sugal, bisyo, at prostitusyon; (5) malayang pagpapalaganap ng katuruang moral sa mga paaralan at mga pabrika; at (6) pagtatayo ng mga pasilidad. Nagkaroon din sila ng mga libreng panayam tungkol sa kalusugan at sanitasyon at may mga talang naglunsad din sila ng mga kampanya upang mangolekta ng pondo para sa mga biktima ng bagyo (Tarrosa-Subido 1955; Tiongson 2004, 203-204; Jose 2015, 36). Ang mga layuning ito ay nagtagumpay at patuloy na pinagyayaman ng kababaihan.

Ang ikalawang pagkakahati ay mababanaag sa ilang partisipasyon ng kababaihan sa mga digmaang bayan na inilunsad pagsiklab ng Digmaang Pilipino-Amerikano at pagbagsak ni Malvar noong 1902. Sa halip na humina ang puwersa ng mga Pilipino, lalo pang pinaigting ang damdaming makabayan na lumaya sa mga makabagong kolonisador. Bagama’t hindi na ito pasok sa dantaon 19, nais lamang ilahad ang naidulot ng mga nasimulan ng kababaihan sa pagpasok ng dantaon 20. Nagkaroon ng partisipasyon ang kababaihan sa mga kilusang *Colorum* at *Kilusang Sakdal* (Sakdalista).<sup>24</sup> Naitatag noong dekada 1930 ni Pedro Calosa, isang magsasaka ng Baryo Magallanes, Tayug, Pangasinan ang *Colorum* o mas kilala bilang *Sociedad ti Mannalon* (*Lipunan ng Magsasakang Tenante at Sinarauay/Sinaraway*) na naglalayong maipaglaban ang karapatan ng mga magsasaka at lumaya ang kanilang Inang Bayan. Sa katunayan, naging malaking banta at dagok ang

mga *Colorum* sa republika (Guerrero 1967, 68-69; Guerrero 1998, 133; Navarro 1998, 100-101; Guerrero 2015, 237).<sup>25</sup> Lumakas ang *Tayug Colorum* noong 1930 kung kailan kinabibilangan na ito ng higit-kumulang isang libong pesanteng kababaihan na nagmula sa Pangasinan at Tarlac (Navarro 1998, 100-101). Sila ang mga naghanda ng kasuotan at sandata ng kalalakihang lalahok sa pagsalakay sa Tayug mula San Nicolas, Pangasinan noong 1931. Sinalakay ng mga mapaghimagsik na kalalakihan at labing-apat na kababaihan ang pulis-munisipal at punong-himpilan ng Konstabularya at saka ito sinunog. May ilang kababaihan ang sumama sa pagkuha ng dalawang bus ng *Pangasinan Transportation Company* (Pantranco) na kanilang sinakyan hanggang sa Tayug. Kasabay ng taon ding iyon naitatag ni Benigo Ramos ang *Kilusang Sakdal* noong Hunyo 28, 1930 na naglalayong tutulan ang pang-aabuso ng mga Amerikano sa mga Pilipino, akusahan ang mga *Nacionalistas* sa kabiguan nilang ipaglaban ang kasarinlan ng Pilipinas laban sa mga Amerikano, at isulong ang kasarinlan para sa bayan. Kasabay nito ang pagpapalabas ng mga unang serye ng pahayagan nitong tinawag na *Sakdal* (Wada 1994, 57; Guerrero 1998, 134; Navarro 1998, 104; Wada 2014, 16). Nagkaroon ng partisipasyon ang kababaihan sa pagpapalaganap ng pahayagang *Sakdal* sa buong Luzon at sa mga lalawigan nito katulad ng Rizal, Batangas, Cavite, Quezon, Laguna, Bulacan, Pampanga, at Nueva Ecija. Nakilala rito ang babaeng anak ni Ramos na si Leticia Ramos-Uyboco na siyang maigting na nagpapakalat ng mga pahayagan na kung titingnan mayroong wangis sa gawain ng kababaihan ng Katipunan noong dantaon 19 (Navarro 1998, 104; Wada 2014, 16-17). Kilala rin bilang *Sakdalista* ang 42-anyos na ina na si Salud Algabre—Generalla ng Cabuyao, Laguna. Ipinakita ni Salud ang kanyang kabayanihan noong Mayo 2, 1935 sa pamamagitan ng paglahok sa mga rebolusyonaryo sa pagpuputol ng mga puno at iniharang ang mga ito sa daan upang maging sagabal sa trapiko. Makikita si Salud na nakasuot ng puting *camiseta* at pula o asul na pang-ibaba habang nilalakad niya ang 45 kilometrong layo mula Cabuyao, Laguna hanggang Maynila. Ginawa ito bilang pormal na pagtuligsa sa mga Amerikano at pamunuan ni Manuel Quezon na ayon sa kanila'y naglulustay ng pera para sa mga misyong pangkalayaan ngunit wala naman itong pinatutunguhan sa kabila ng nagugutom ang mga Pilipino (Wada 2014, 2-3).

Hindi rin maaaring kalimutan ang kabayanihan ng mga *bandoleros* sa kasaysayan.<sup>26</sup> Ipinagpatuloy ni Macario Sakay (kilala sa sagisag na Dapitan) sa Rizal, Cavite, Laguna, at Batangas ang simulain ng Katipunan ni Bonifacio (Guerrero 1998, 40). Pinasimulan ni Sakay at iba pang rebolusyonaryong tulad nina Cornelio Felizardo, Julian Montalan, Lucio de Vega, at Fructuoso Vito ang bagong Katipunan sa mga kabundukan ng Sierra Madre (Ileto 2015, 10). Ang dating barbero at aktor (teatro) ng Tondo na si Sakay ay dating kasapi ng orihinal na Katipunan ni Bonifacio kung saan tinawag ang *triumvirate* nina Sakay, Bonifacio, at Jacinto bilang “tunay na Katipunan” dahil pawang taga-Tondo sila (Ochosa 1995, 54; Gealogo 1998, 44). Kasama sina Montalan at Felizardo, itinatag ni Sakay ang Republika ng Pilipinas na tinawag niya bilang *Republika ng Katagalugan* (Ochosa 1995, 54; Guerrero 1998, 42). Naging katuwang din nina Sakay ang ilang

kababaihan. Sa madaling salita, nagkaroon din ng partisipasyon ang kababaihan sa bagong republika o sa mga pag-aaklas ng grupo nina Sakay (Yap 2017).

## PANGWAKAS

Nasaksihan natin ang mahaba at mayabong na kasaysayan ng kababaihan sa mga tala ng kasaysayan lalong lalo na sa epoka ng Rebolusyong Pilipino. Nahinuha rito na dapat iwaksi sa historiograpiyang sexista at positibista ang mga problematikong metodolohiya kung saan tila baga tinitingnang *hindi nalalayo* ang ginampanang papel ng sektor ng kababaihan sa mga lalaking rebolusyonaryo na tinatawag bilang “*prime mover*.” Tulad ng panahong dati sa kasaysayang Proto-Pilipino at mga epikong katutubo kung saan laging magkasama ang babae at lalaki, magkasama at magkatuwang pa rin ang dalawa sa panahon ng mga pagharap sa kolonyalismo. Sa madaling salita, hindi kalalakihan ang *prime mover* ng kasaysayang Pilipino. Tunay nga silang magkaiba dahil sa kanilang kasarian ngunit parehong tagapaglikha ng kasaysayang Pilipino ang mga babae at lalaki.

May sariling identidad at pagkakakilanlan ang kababaihan ng Katipunan. Gamit ang kanilang kontribusyon sa kasaysayan, mainam na ito upang sila’y kilalanin bilang hiwalay na entiti ng lipunang Pilipino. Ibig sabihin, dapat silang makilala sa kasaysayan nang walang pinagkakautangang-loob o hindi nakapako sa dalawang personalidad at idugtong ang pangalan sa iba. Halimbawa, dapat makilala si de Jesus nang hindi lamang idinidikit sa pangalan ni Bonifacio bilang kanyang asawa; dapat malaman ang kabayanihan ni Teresa Magbanua nang hindi idinidikit sa pangalan ng kanyang dalawang kapatid na Katipunero; at marami pang iba. Dapat silang makilala bilang isang bayani, babae, at anak ng bayan.

Sa malawakang pagtatasa, kailangang matugunan ang kakulangan ng mga tala na tumatalakay sa mga babaeng rebolusyonaryo lalo na sa kasaysayan ng Katipunan. Sa kadahilanang napapanahon ngayon ang pagsusulat ng mga saliksik na may kaugnayan sa *Araling Pangkababaihan* at *Araling Pangkasarian*, kailangang palawakin pa ang kaalaman ng bawat isa sa pag-aaral ng mga hindi kilalang bayani ng Katipunan. Bagama’t patuloy itong tinatrabaho ng mga mananalambuhay, hindi makakailang kulang na kulang tayo sa mga datos na maaaring maging batis sa pananaliksik. Sa ganang ito, kailangan ding bigyan ng pansin ang kahalagahan ng *kasaysayang pasalita*. Sa pamamagitan nito, matutunton natin ang mga bagay na nais saliksikin na hindi naibibigay ng ilang aklat at iba pang mapapanghawakang batis. Maraming bayaning Pilipina ang kailangang bigyan ng pahina sa kasaysayan. Sa pamamagitan ng mga akda tulad ng mga naunang sinulat nina Camagay (1998), Navarro (1998), Rodriguez (1999), Dery (2006), at marami pang iba, nailista ang mga pangalan ng mga babaeng naging kasapi ng rebolusyon. Sa ganang ito, maaari silang saliksikin at sumulat ng mga espesipikong talambuhay tungkol sa kanila.



Ito ay isang matinding hamon para sa lahat ng historyador, mananalambuhay, at mananaliksik.

## Talahuli

\* Unang binasa sa *Palihan sa Wika at Kasaysayan: Wika at Kasaysayan: Mapagpalaya, Mapagbago, Filipino*, Agosto 18, 2017, sa Bulwagan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Sudlong ng San Juan, San Juan City, Philippines. Nirebisa para sa publikasyong ito. Nagpapasalamat ang mananaliksik kay Prop. Atoy Navarro sa kanyang hindi matatawarang tulong sa ilang rebisyon sa papel na ito.

<sup>1</sup> Tingnan halimbawa ang binabanggit sa “Ang Sunog Bago Mag-1896” ni Virgilio Almario (1993). Hinalimbawa niya sina Jose Rizal at Francisco Balagtas. Ani niya, tunay na dinakila ni Rizal ang bantog na manunulat na si Balagtas bilang huwaran ng “Tradisyon” at tagapagsimula ng mga makabayan at kontra-kolonyalistang sulatin. Dinakila ni Rizal ang makata ng Panginay na si Balagtas sa kanyang *Arte Metrica* bilang tagapagsimula ng tradisyon (Almario 1998, 190). Ito rin ang pinaniniwalaan ng mga Balagtasista nitong dantaon 20. Sa dominanteng pagsusuri ni Virgilio Almario:

Laging kailangan ni Francisco Balagtas si Jose Rizal upang maging dakila. Samantala, hindi na kailangan ni Rizal si Balagtas upang umani ng pagdakila. Dumarating sa atin ang kadakilaan ni Rizal na waring isang ganap at walang pinagkakautangang anyo (Almario 1993, xiv).

<sup>2</sup> Sa ikalawang bahagi ng *Hinilawod*, makikita ang pakikipaglaban ng bayaning si Labaw Donggon sa halimaw na sina Manaluntad upang makuha ang pag-ibig ng una niyang asawa na si Anggoy Ginbitinan; Sikay Padalogdog para sa ikalawa niyang asawa na si Abyang Doroon; at ang diyos ng kadiliman na si Saragnayan upang mapasakanya ang pag-ibig ng ikatlo niyang asawa na si Nagmalitong Yawa. Kinalaunan, nagkaroon ng anak si Labaw Donggon na si Asu Mangga. Ang ikatlong bahagi naman ng *Hinilawod* ay naglalaman ng pakikipaglaban ni Humadapnon kasama ang kanyang kaibigan na si Buyong Matan-ayon sa *sorceress* na si Panganun-Pinungganum hanggang sa mapangasawa niya si Burigadang Pada Sinaklang Bulawan. Ang panhuling bahagi naman ng epiko ay naglalarawan tungkol sa kabayanihan ni Dumalapdap upang makuha ang pag-ibig ng babaeng si Lubay-lubyok Hanginun si Mahuyok-huyokon laban sa mga halimaw na sina Balanakon at Uyutang (Jocano 1964; Jocano 1984).

Hindi magkatulad ang mga baybay ng mga pangalang tinukoy sa *Hinilawod* o *Sugidanon* ni F. Landa Jocano (1964, 1984) at nina Teofilo del Castillo y Tuazon at Buenaventura Medina (1964). Dahil hindi na tinatanggap ang baybay na ginamit ng mga huli kung kaya’t sinangguni ng mananaliksik ang mga mapagkakatiwalaang pag-aaral ni Jocano (1964, 1984).

<sup>3</sup> Ayon sa pag-aaral ni Ma. Rita Lourdes A. Alfaro (2012, 277), laganap na ang pagbebenta ng aliw ng mga *prostitute*. Noong mga panahon ng Español, tinatawag sila bilang *mujer publica*, *prostitute*, *ramera*, *vagamunda*, at *indocumentada*. Malinaw na ang mga salitang ito’y binigyan ng pagpapakahulugan ng 1884 *Codigo Penal de Espana* at 1887 *Codigo Penal de Filipinas* bilang babeng nagbebenta ng serbisyong kamunduhan kapalit ng salapi. Sa Maynila, maraming naitalang *prostitute* ang nabilanggo noong panahon ng mga Español. Karamihan sa kanila’y makikita sa mga teatro malapit sa San Jacinto at Calle Nueva na naghihintay ng mga parokyanong Tsino. Karamihan sa mga *prostitute* ng Maynila ay isinilang sa mga lalawigan at 28% (1871-1896) ang bilang ng mga *prostitute* na isinilang sa mismong Kamaynilaan (Bankoff 2000, 41).

<sup>4</sup> Ayon kay Nancy Kimuell-Gabriel (2017), hindi na makikita sa ngayon ang *Alhambra Cigar*. Ang dating kinatatayuan nito’y matatagpuan sa Pritil, Tondo sa kasalukuyang *Puregold*.

<sup>5</sup> Maling konseptwalisasyon ito ng mga Español para sa mga katutubong Pilipino. Hindi lingid sa ating kaalaman bagama't walang naitatalang nagkaroon ng pormal na edukasyon ang mga Pilipino, hindi naman sila maituturing bilang mangmang katulad ng mga sinasabi ng mga Español. Nariyan na ang sinaunang pagsusulat ng mga Pilipino (*baybayin*) at mismong barangay kung saan kasama ang mga magulang na nagtuturo sa kanilang mga anak ng pagsusulat, pagbabasa, at pang-agrikulturang gawain. Makikita rin sa mga pag-aaral ni Encarnacion Alzona (1932) at nina Gregorio at Sonia Zaide (2004) ang salitang *bothoan* sa sinaunang pamayanan sa Panay. Isa raw itong paaralang nagbibigay ng pormal na edukasyon sa kabataan noong mga panahong bago dumating ang mga Español sa isla ng Panay.

<sup>6</sup> Ayon kay Jose Victor Torres (2007, 7-8), may apat na klasipikasyon ang sekondaryang paaralan: (1) ang *conventual school* o eksklusibong paaralan para sa mga bagong dating na lalaki mula Europa at Amerika na kailangang sumailalim sa pag-aaral ng doktrina; (2) *colegio* o katumbas ng *high school* sa kasalukuyang panahon; (3) paaralan para sa babae; at (4) *seminario* o paaralan para sa kabataang lalaki na nais pasukin ang pagpapari. Ang mga kilalang *colegio* sa mga panahong iyon ay Colegio de San Jose (1601), Colegio de San Juan de Letran (1620), at Colegio de Santo Tomas (1611). Bagama't nagkaroon ng parehas na karapatan ang mga babae at lalaki sa paaralan, magkaiba naman sila sa kurikulum at maituturing pa ring inperyor ang kababaihan. Kilala sa mga panahong iyon ang Colegio de Santa Potenciana (1589), Colegio de Santa Catalina (1740), Colegio de Santa Rosa (1750), at Colegio de Santa Isabel (1642). Sa usapin ng kurikulum para sa mga lalaki sa Maynila, nariyan ang *latinidad* o binubuo ng mga asignaturang Wikang Español, Katekismo, Aritmetika, Retorika, Latin, Kasaysayan, Musika, at marami pang iba. Samantala, ang *Filosofia* ay binubuo ng mga *natural science*, matematika, lohika, metapisika, at humanidades (Torres 2007, 7-8). Nagpatuloy ang ganitong kalakaran hanggang sa maitatag ang *Decreto Royal 1863* sa Pilipinas na naglalayon ng obligatoryong papasukin sa paaralan ang mga batang nasa edad pito hanggang labindalawa. Sa ilalim din ng *Decreto Royal*, muling hinati sa publiko at pribadong paaralan ang sekondaryang antas kung saan ang ibang *colegio* ay bubunuin ng limang taon ang pag-aaral hanggang sa matapos ang *Bachiller en Arte* (Torres 2007, 11). Sa panahon ng mga Español, *licenciado* o *doctorado* ang pinakamataas na antas ng pag-aaral para sa mga Pilipino. May mga talang hindi gaanong magaling magturo ang mga guro ng *latinidad*. Sa pag-aaral ni Maria Lina Nepomuceno Van-Haugten (1998, 29), noong 1865, pinag-isa ng Lupon ng Edukasyong Pampubliko ang kurso sa primarya at sekondarya at sasailalim ito sa pamumuno ng *rector* ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) kung saan tanging mga gurong titulado ng *Professor de Segunda Ensenanza* ang maaaring makapagturo.

<sup>7</sup> Tingnan ang pakikipagsulatan nina Edilberto Evangelista at Rizal noong 1892 (Veneracion 2003, 146).

<sup>8</sup> Makikita sa aklat pangkasaysayan na si Josefa Rizal ang halal na pangulo ng Sangay Pangkababaihan ng Katipunan. May mga ilang kalituhan hinggil sa bagay na ito. Ayon kay Propesor Teodoro Agoncillo (1956, 55) sa kanyang aklat na *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*, hindi kailanman naging pangulo ng Katipunan si Marina Dizon-Santiago. Tanging si Josefa Rizal lamang ang naging pangulo. Taliwas ito sa sinasabi ni Gregorio Zaide (1939, 21), na naging pangulo si Marina Dizon-Santiago. May ilang tala na pinadalhan ng sulat ni Pio Valenzuela si Zaide na nagsisiwalat na walang eleksiyong naganap sa Sangay Pangkababaihan ng Katipunan. Bilang pagtatasa, hindi rin naman maaaring paniwalaan basta basta ang pahayag na ito ni Pio Valenzuela (personal na diin) dahil na rin sa mga ilang tala sa kanya na paiba-iba at gumagawa siya ng mga kuwento.

<sup>9</sup> Makikita sa pag-aaral ni Ma. Luisa Camagay (1998, 74), na si Narcisa Rizal y Alonzo ay walang asawa. Nais itama ng mananaliksik na si Narcisa o Sisa ay nakapag-asawa. Naging asawa niya si Antonino Lopez, isang musikero at guro na nagmula sa Morong, Rizal. Ang isa sa kanilang mga anak ay si Dr. Leoncio Lopez na nagturo sa College of Medicine, UST (Gagelonia 1974, 11).

<sup>10</sup> Ang ilan sa magiging na Mariqueñong Katipunero ay sina Teodoro Carlos, Ignacio de la Paz, Celestino Teodoro, Paterno Carlos, at Islaw "Lionga" Carlos (Tugano 2016, 4).

<sup>11</sup> Tingnan ang *The Tale of Balintawak* sa *The Cry of Balintawak: A Contrived Controversy* (Borromeo-Buehler 1998, 7) kung saan may ilang pagtatalo kung saan nga ba unang naganap ang unang sigaw o *el primer grito*.

Basahin ang pahayag nina Pio Valenzuela, Briccio Pantas, at Cipriano Pacheco vs. *memoirs* ni Pio Valenzuela kung saan inilarawan niya ang mga kaganapan sa Pugad Lawin noong Agosto 23, 1896. Ayon naman kay Jonathan Balsamo (2017) ng Museo ng Valenzuela, maaaring tingnan at suriing mabuti ang mga dokumento kung ito ay totoo o huwad. Hinalimbawa niya ang pagsusuri sa kredibilidad ng dokumentong inilabas diumano nina Valenzuela, Pantas, at Pacheco. Marami raw siyang tanong hinggil sa metodolohiya ni Soledad Borromeo-Buehler.

<sup>12</sup> Ang ilan sa mga balangay ng Katipunan sa Bulacan ay “Bayang Di-Tutugot” ng mga taga-San Jose del Monte, “Lintik,” “Dimasalang,” at “Apuy,” ang unang balangay ng Katipunan na nabuo sa lalawigan ng Bulacan (NHI 1993d, 354; Tiongson 2004, 95; Dery 2006, 15). Ang huling balangay ay binubuo ng mga Katipunerong sina Ramon de Leon (Buhawe), Luis Gatymaytan (Bulalakaw), Victorino Gatmaytan (Kalipulako), Antonio Bautista (Kidlat), Gregorio Santos (Talim), Romualdo Concepcion (Kilabot), at Isidoro Torres (Matanglawin) na buong tapang na hinarap ang puwersa ng mga Español (Tiongson 2004, 95). Naganap naman noong Enero 1, 1897 ang matagumpay na Labanan sa Kakarong na pinamunuan ng Balangay “Dimasalang” nina Eusebio Roque (Maestrong Sebyo o Heneral Dimabungo), Canuto Villanueva, at Casimiro Galvez laban kay Heneral Olaguer-Feliu (NHI 1993d, 354).

<sup>13</sup> Ang paglahok ng mga Katipunero sa masoneriya ay dahil sa pangunguna nina Valentin Ventura, Mariano Cunanan, Jose Alejandrino, at Francisco Liongson at kinalaunan dumating sa lalawigan ang balangay ng Katipunan na itinatag sa bayan ng Guagua (Larkin 1972, 108-109, 115). Lumaganap kinalaunan ang Katipunan sa mga karatig-bayan ng Santa Rita, Bacolor, Macabebe, Porac, at Candaba dahil sa pagpupunyagi ni Heneral Francisco Makabulos y Soliman. May dalawang nakatalang balangay ang Katipunan sa Pampanga: “Mamatad” at “Tagapagtanggol” (Dery 2006, 15).

<sup>14</sup> May ilang sekta ng Katipunan ang naitatag sa Pangasinan noong 1893 dahil sa pangunguna ni Daniel Maramba ng Sta. Barbara, Pangasinan, pamangkin ni Valentin Diaz, isa sa mga tagapagtatag ng KKK (Cortes 1990, 87; NHI 1993b, 248). Isa si Maramba sa mga nagtatag ng *Asociacion de los Veteranos de la Revolucion*. Nang minsang bumista si Maramba sa Maynila upang kausapin ang kanyang tiyuhin, hinikayat siyang sumapi sa Katipunan. Naging Katipunero si Maramba noong Hulyo 21, 1893 sa sagisag na “Baga.” Sa pagbabalik niya sa Sta. Barbara, hinikayat niya ang kanyang malalapit na kaibigan at pamilya na sumapi sa samahan. Naitatag ang sangay ng Katipunan sa Binalatongan, Gitnang bahagi ng Pangasinan. Sa halip na magtungo sa Maynila ang mga Pangasinenseng nais maging kasapi ng Katipunan, pinakiusapan ni Maramba si Valentin Diaz na siya ang magtungo sa Sta. Barbara upang isagawa ang inisasyon. Lumaganap ang Katipunan sa kabayanan ng Pangasinan. Naging Katipunero sina Isidro Benito, Eleuterio Benito, Mauricio Campos, at Cristino Manlungat; Felipe Domantay, Vicente Domantay, Doroteo Domantay, Lorenzo Fernandez, Tomas Fernandez, Florencio Macaranas, at Marcelo Beltran ng Malasiqui; Antonio del Prado, Primitivo Perez, at Vicente Benito ng Urdaneta; Segundo Estaris ng San Jacinto; Marciano de Guzman, Pedro de Guzman, at Cipriano de Vera ng Mangaldan; Enrique Velasco, Vicente Feliciano, at Juan Estrada ng Calasiao; at si Alejandro Garcia ng Sta. Barbara (Cortes 1990, 87-88). Dahil sa mabilis na paglaganap ng Katipunan sa Pangasinan, naging *bayani* ang ranggo ni Maramba mula sa pagiging *kawal*.

<sup>15</sup> Naganap ito sa bayan ng Aparri noong Hunyo 1895 sa pangunguna nina Francisco Garcia, Esteban Donesa, Alfonso Donesa, Sabas Orros, Andres Danguilan, Lucas Battung, Bartolome Talamayan, Esteban Almeda, at Fructuoso Siloran (Mactal 1998, 59). Silang lahat ay itinuring sa Maynila bilang mga *filibustero*. Hindi gaanong madugo ang mga labanan kontra-Español sa lalawigan dahil na rin sa pagiging mabuti ng ilang opisyal katulad ng kanilang Gobernador na si Enrique Altamirano y Salcedo na may malasakit sa mga katutubo (Mactal 1998, 60-61).

<sup>16</sup> Maraming Katipunero sa lalawigan ng Laguna. Tanyag sa lalawigan ang mga taga-Pagsanjan na mga Katipunerong sina Heneral Severino Tainio, Francisco Abad, Felix Abad, Cayetano Abad, Pacifico Abad, at ang kaisa-isang heneral na si Agueda Kahabagan y Iniquinto (Churchill 1995a, 66; Dery 2006, 31). Ang mga balangay ng Katipunan sa Laguna ay “Masipag” at “Maluningning.” Ang huli ay silang namuno sa kauna-unahang labanan sa Laguna ng Katipunan, ang Labanan sa Sambat sa Sta. Cruz noong Nobyembre 15, 1896.

<sup>17</sup> Si Antonino Guevara y Mendoza ay nagmula sa San Pedro Tunasan, ang unang *pueblo* ng Laguna. Sumailalim siya sa pamumuno ni Heneral Paciano Rizal (Guevara y Mendoza 1897, i).

<sup>18</sup> Ayon sa pakikipagtalastasan ng mananaliksik kay Sarah Jane Estubo (2018), may usap-usapan at haka-haka tungkol sa isang puntod ng nasabing libingan. Ang puntod na may pangalan na *A-ti Agueda* ang maituturing diumanong pinakamagandang puntod pagdating sa disenyo. Bagama't isang teorya, usapan, at haka-haka, ang puntod na iyon ay ang pinaglagakan diumano ng labi ng babaeng tinatawag na *Lost Heroine* ng Laguna na si Agueda Kahabagan. Magandang pag-aralan ang paksang ito.

<sup>19</sup> Ayon kay Atoy Navarro (2015, 4), hindi pinag-isipang mabuti ang panukala ng isang Amerikanong historyador na si Glenn Anthony May na nagsasabing walang Katipunan sa Batangas bago sumapit ang Agosto 1896. Bagama't kilala na si Ildefonso Laurel bilang isang Batangueñong Katipunero at emisaryo ni Bonifacio sa Hong Kong, maituturing pa ring si Briccio Pantas (sagisag na Bungahan) ang kauna-unahang tagapagtatag ng Katipunan sa Batangas (Elumbre 2014a, 153; Navarro 2015, 4).

<sup>20</sup> Ang Capiz na tinutukoy dito ay hindi ang kasakuluyang lalawigan ng Capiz pagdating sa lawak. Noong mga panahong iyon, sinasakop pa nito ang ilang bahagi ng Hilagang Antique na humiwalay sa Iloilo noong 1917 at ang lalawigan ng Romblon na muling nagsarili noong 1917 (Villan 2014, 180; Esquejo 2014, 8; Paala 2009, 126).

